# Balitang Bayan

Ang Bayan

Enero 2022

## Nilalaman

Mga bakunang halos paso na ang ipinamimigay ng mga kapitalistang bansa sa atrasadong mga bansa.............................5

Daang residente sa Camarines Sur tumakas sa panganganyon............................................................................ 7

Kasalang Lumad sa Surigao, walang habas na pinaputukan ng 75th IB.................................................................................... 8

Mga benepisyaryo ng 4Ps sa Northern Samar, sapilitang pinagrali ng AFP....................................................................... 9

Di sapat ang pagbabakuna para agapan ang pagbugso ng mga kaso ng impeksyon............................................................... 10

Abugadong tagapagtanggol ni Duterte at mga Marcos, sinuspinde ng Korte Suprema..................................................... 12

Batas laban sa pag-aasawa at pakikiapid sa mga bata, naipasa na.............................................................................. 14

Striketober.................................................................................. 16

#TularanSiKaBel: Kaarawan ni Ka Crispin “Ka Bel” Beltran, ginunita.................................................................................... 18

PKP-NCMR, nagpasalamat sa masa sa kanilang walang-sawang pagsuporta........................................................................ 19

Asawa ng bilanggong pulitikal, dinukot; Magsasaka, iligal na inaresto.................................................................................................. 22

Pagpapaiksi ng kwarantina para sa mga manggagawang pangkalusugan, binatikos............................................................23

Pasista, walang kwenta at katangahan ang "no vax, no labas", "no vax, no ride" at "no vax, no entry"..........................................24

Mahigit 1 milyong pamilyang biktima ng Odette, wala pa ring kuryente........................................................................................ 28

Pag-uunyon ng mga manggagawa ng Amazon, umaarangkada sa US......................................................................29

Pag-uunyon ng mga manggagawa ng Amazon, umaarangkada sa US...................................................................... 33

Marahas na demolisyon sa Cavite, mariing kinundena..........33

Marahas na demolisyon sa Cavite, mariing kinundena..........35

Unknown Author2022-01-16T20:12:42....................................38

Pag-atake ng AFP sa isang pamilya sa Negros, pinalalabas na engkwentro...................................................................................... 42

Paaralang Lumad sa Davao de Oro, giniba ng AFP...................43

Mag-asawang kasapi ng Anakpawis, pinaslang sa Sorsogon ................................................................................................................... 44

Panukalang mandatory military service ni Sara Duterte, binatikos................................................................................................ 46

Mga namatay sa tuberkulosis, dumami sa panahon ng pandemya........................................................................................ 47

Pinakamabagal sa ASEAN ang pagbangon ng ekonomya ng Pilipinas........................................................................................... 48

Solano 3 lumaya na, kasong illegal possession of explosives ibinasura....................................................................................... 49

Manggagawang sa paggawaan ng damit sa Cebu, nagprotesta ..................................................................................................... 50

Dalagita sa Quezon, iligal na dinitine at ginahasa ng mga sundalo ng 59th IB........................................................................ 51

10 katutubong Mangyan, dinukot ng 2nd ID.............................54

Hustisya at lupa, sigaw ng magsasaka sa ika-35 anibersaryo ng masaker sa Mendiola..........................................................56

Di pagsipot ni Marcos sa debate ng mga kandidato, umani ng batikos....................................................................................... 58

Presyo ng langis, patuloy na pumapaimbulog..........................59

Peke ang "local peace talks" — Ka Joma....................................60

2-araw na welga ng mga manininda sa Cebu, inilunsad........62

107 patay, karamihan sibilyan, sa pambobomba ng Saudi sa Yemen........................................................................................... 64

Mga frequency ng ABS-CBN, ipinanggantimpala sa mga tagasuporta at kroni ni Duterte..................................................66

Fact-finding mission sa Bulacan, pinaputukan ng mga maton ng pamilyang Araneta...............................................................68

Mga umaatakeng yunit ng AFP sa Agusan del Norte, hinaras ng BHB........ 70

Panghihimasok sa kasong diskwalipikasyon ni Marcos Jr, ibinunyag........ 71

Pastor na iligal na inaresto sa Zamboanga, nakalaya na.......73

Pilipinas, ika-5 sa mga bansang pinakanakararanas ng kalamidad........ 74

5.6% na paglago ng ekonomya, panandalian at di ramdam ng mamamayan........ 75

Presyo ng 73 batayan at pangunahing mga bilihin, itinaas ng DTI........ 81

Konsultant ng NDFP na si Pedro Codaste, pinatay pagkatapos dukutin ng AFP........83

Proyektong Kaliwa Dam, nireraratsada ng rehimeng Duterte 85

Interbensyong militar ng US sa Pilipinas at South China Sea sa 2022, bwelado na........88

Sangsyon kontra NTF-Elcac, mga upisyal ni Duterte, hiningi sa kongreso ng US........89

## Mga bakunang halos paso na ang ipinamimigay ng mga kapitalistang bansa sa atrasadong mga bansa

Enero 01, 2022

Mga bakunang malapit nang mapaso ang ipinamimigay ng mga kapitalistang bansa sa atrasadong mga bansa tulad ng Pilipinas. Ito ang nalantad matapos ulanin ng puna ang US, UK at iba pang malalaking kapitalistang bansa sa pagsusubi ng milyun-milyong dosis na nagresulta sa tagibang na distribusyon ng bakuna. Binabatikos din ang pagtanggi ng mga ito na obligahin ang mga pribadong kumpanya na ibahagi ang pormula ng mga bakuna na nagdulot ng kakulangan sa produksyon nito.

Itinuturing itong malaking salik sa patuloy na pagragasa ng dalawang-taon nang pandemya. Lalong tumingkad ang pagkakait ng mga kinakailangang bakuna sa mga atrasadong bansa nang lumitaw ang mas nakahahawang baryant na Omicron.

Kabilang sa mga "biniyayaan" ng malapit nang mapasong bakuna ang Pilipinas na sunud-sunod na tumanggap ng mga donasyong gawa ng Moderna. Pfizer at Astrazeneca mula sa US at United Kingdom (UK) sa huling kwarto ng 2021. Malaking panloloko ang pahayag ng IATF na "titiyakin" nito na di malapit mapaso ang mga "donasyong bakuna" gayong walang mapagpipilian ang Pilipinas kundi tanggapin ang anumang dumating sa bansa.

Sa katunayan, ang bakunang AstraZeneca ay napaso ilang linggo pa lamang pagdating sa Pilipinas. Ganito rin ang kalagayan ng mga bakunang Pfizer at Moderna na idinaan ng

mga kapitalistang bansa sa Covax ng World Health Organization.

Para ikutan ang pagkapaso, pinalawig ng Department of Health ang expiration date ng naturang mga bakuna nang tatlo hanggang anim na buwan. Hinimok ng ahensya ng mga lokal na gubyerno na agad na gamitin ang mga ito at sinabing hindi naman ito mga paso na kundi "malapit pa lamang mapaso."

Sa gitna ng malaking kakulangan sa bakuna sa buong mundo, sadyang malapit nang mapaso ang mga bakuna bago ito ipinamigay ng mga kapitalistang bansa. Ang UK, halimbawa, ay namigay lamang ng ilang milyong dosis ng bakunang AstraZeneca matapos itigil doon ang paggamit nito dahil sa pangambang nagdudulot ito ng di pangkaraniwang pagbubuo ng dugo sa mas nakababatang mga grupo. Bago nito, inamin na nitong may 600,000 dosis na ang pinabayaan na lamang mapaso. May mga tayang aabot sa 10% ng buong suplay ng mga bakuna sa UK ang nawaldas noong 2021.

Sa US, ang pinagmulan ng mga donasyong bakuna na gawa ng Pfizer at Moderna, tinayang 15.1 milyong dosis na ang nawaldas mula Marso hanggang Nobyembre 2021 dahil sa pagkapaso. Sa mga panahong ito rumagasa ang baryant na Delta na nagdulot ng pinakamatataas na bilang ng nahawa at namatay sa 2021.

Tinatayang aabot sa 800 milyong dosis ang mapapaso at mawawaldas pagsapit ng kalagitnaan ng 2022.

## Daang residente sa Camarines Sur tumakas sa panganganyon

Enero 01, 2022

Napilitang lisanin ng nasa 100 residente ang kanilang mga bahay at sakahan sa Sityo Campo Nueve sa Barangay Del Carmen, Lagonoy, Camarines Sur matapos ang panganganyon ng 9th Infantry Division (ID) noong Disyembre 28 at 29, 2021.

Ayon kay Ka Maria Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol, tinarget ang naturang sityo matapos magtamo ng hindi bababa sa tatlong kaswalti ang 83rd IB sa bigong pagsalakay sa New People's Army sa naturang lugar noong Disyembre 28.

Sampung bomba ang tumama sa mga sakahan at bukirin sa sityo sa unang araw pa lang ng panganganyon. Ayon sa mga residente, hanggang magdamag ay dinig nila ang mga pagsabog. Labis na takot ang idinulot nito laluna sa mga bata at mga buntis na kabilang sa mga nagsilikas. Kasalukuyang nagkakanlong ang mga nagbakwit sa maliit na kapilya ng barangay. Pawang walang makain rin ang mga biktima, ayon pa sa mga ulat.

Ang 83rd IB ay nasa kontrol ng 9th ID at mula pa noong Mayo 2021 ay umookupa na sa barangay at karatig na mga komunidad at bayan sa Caramoan peninsula. Inihahanda ng militar ang erya para sa pagbuwelo ng malalaking kumpanya sa mina, pagkukuwari at ekoturismo. Sagana sa yamang mineral at kahoy ang lugar, at ang imbak na tubig nito ang siyang pinakamalaki sa prubinsya.

Pangunahing kampanya ng militar ang pagpatahimik sa paglaban ng mga residente na tutol sa pandarambong sa

kanilang lugar. Hindi bababa sa tatlong magsasaka na sa lugar ang naitalang pinatay ng mga sundalo mula Mayo 2021. May mga kaso rin ng iligal na pag-aresto, sapilitang pagpapalikas, at pagnanakaw ng mga kagamitan sa produksyon ng mga magsasaka at maliitang mga minero at magtotroso.

## Kasalang Lumad sa Surigao, walang habas na pinaputukan ng 75th IB

Enero 01, 2022

Isa ang patay sa walang habas na pamamaril ng mga elemento ng 75th IB sa isang kasalan sa Sityo Katabadan, Brgy. San Roque, San Miguel, Surigao del Sur noong Disyembre 24, 2021.

Pinasinungalingan ng NPA-Surigao del Sur ang pahayag ng 75th IB noong Disyembre 24, 2021 na nagkaroon umano ng engkwentro sa pagitan ng kanilang yunit at ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Katabadan, Barangay San Roque, San Miguel, Surigao del Sur.

Sa pahayag ng BHB-Surigao del Sur, sinabi nitong isang malaking kasinungalingan ang ibinalita ng naturang yunit militar na nagkaroon ng labanan sa lugar at na isang Pulang mandirigma ang napatay. Ang totoo, walang patumanggang inistraping ng mga naghuhuramentadong tropa ng 75th IB ang pagtitipon ng 34 sibilyang Lumad sa kanila mismong tahanan sa gitna ng kumbeti o tradisyunal na kasal ng Lumad.

Kinilala ang sibilyang nasawi na si Vilma Tawede, residente ng Sityo Tambonon, sa parehong barangay at kasapi ng

Malahutayong Pakigbisog Alang sa Sumusunod (MAPASU). Dalawa pang sibilyan ang nasugatan.

Bago ang pamamaril, hinarang ng mga tropa ng AFP si Orland Fernandez, at inakusahang nagdadala ng suplay sa NPA dahil mga pagkain ang kanyang dala-dala. Katwiran ni Fernandez, para ito sa kasal. Bago siya pakawalan ay binugbog at pinilit siyang ituro kung saan ang benyu ng kasalan.

Mariing kinundena ni Sandara Sidlakan, tagapagsalita ng BHB-Surigao del Sur ang pamamaril ng AFP. Aniya, walang respeto ang rehimen at alipures nito sa mamamayang Lumad at sa mga tradisyong Lumad.

Dagdag pa ni Sidlakan, malinaw pa sa alaala ng mamamayang Lumad ang pagmasaker ng tropa ng militar sa dalawang lider-lumad at direktor ng Alcadev noong Setyembre 2015 at sa mga kabataang mag-aabaka sa Lianga.

## Mga benepisyaryo ng 4Ps sa Northern Samar, sapilitang pinagrali ng AFP

Enero 02, 2022

Pinilit ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga residente ng Barangay San Miguel, Las Navas, Northern Samar para lumahok sa isang "raling pangkapayapaan" sa kanilang barangay noong Disyembre 26. Itinaon ng AFP rali sa anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas para palabasing wala nang suporta ang rebolusyonaryong kilusan sa lugar.

Sa araw na iyon, sapilitang tinipon ang mga residente at pinabitbit ng mga plakard na gawa ng AFP. Napag-alaman na

ang mga residente ay mga benepisyaryo ng 4Ps, mga upisyal ng barangay, at matatanda.

Mula pa Nobyembre nakakampo sa baryo ang mga yunit ng 8th ID. Madalas nitong ginagalugad at ginagambala ang tahimik na buhay ng komunidad. Inokupa nila ang mga gusali ng eskwelahan, health center at daycare center. Labag ito sa internasyunal na makataong batas na nagbabawal sa mga armadong elemento na gamitin ang mga sibilyang gusali.

Sa mismong araw ng "rali", binantaan ang mga residente na hindi sisimulan ang "rali" kung kakaunti ang dadalo dito. Kinuha rin ng mga sundalo ang mga pangalan at personal na impormasyon ng mga residente.

Ayon sa National Democratic Front-Eastern Visayas, kabilang ang "rali" sa mga pakana at palabas ng AFP sa buong prubinsya sa desperasyong siraan ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa isang hiwalay na pahayag, ipinabatid ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Eastern Visayas ang determinasyon ng buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na harapin ang mga pagsubok at ibayong sumulong sa susunod na taon.

## Di sapat ang pagbabakuna para agapan ang pagbugso ng mga kaso ng impeksyon

Enero 04, 2022

Muling ipinanawagan ng mga mga manggagawang pangkalusugan at iba't ibang sektor na magsagawa ang rehimeng Duterte ng malawakang testing at contact tracing para agapan ang mabilis na pagkalat ng Covid-19 pagpasok ng 2022.

Idiniin ng Coalition for People's Right to Health (CPRH) sa isang pahayag ngayong araw na, higit kailanman, kailangan ngayon ng malawakang testing na libre sa lahat. "Ang mass testing ang susi sa anumang epektibong tugon sa pandemya, at lunsaran ng iba pang kasinghalalagang mga hakbang tulad ng contact tracing, paghihiwalay at pagkakwarantina sa mga nahawa at paggagamot sa kanila," anito. Dapat isagawa ito kapwa sa mga bakunado at di bakunado, laluna sa mga walang opsyong mag-work-from-home o magtrabaho mula sa bahay.

Pero tulad sa nakaraang dalawang taon, walang plano ang rehimeng Duterte para ipatupad ang mass testing at ibang krusyal na mga hakbang pangkalusugan. Sa halip, inaaasa nito sa mga nabakunahan na at muling paghihigpit sa kilos ng mamamayan ang pagpigil sa pagkalat ng baryant na Omicron. Paulit-ulit nang napatunayan ang hindi epektibo ang lantay na mga paghihigpit na ito at sa halip ay nagdudulot lamang ng perwisyo at dagdag na pahirap sa mamamayan.

Noong Enero 2, ipinataw ng mga upisyal ng gubyerno ang paglilimita sa kilos ng mga di bakunado at pagputol sa kanilang akses sa mga pampublikong espasyo at kanilang mga lugar sa trabaho. Malaki-laking bilang pa ng mga Pilipinong hindi bakunado—ginusto man nila o hindi—ang mahahagip ng patakarang ito. Lantaran itong diskriminasyon lalupa't mayorya sa target na populasyon sa buong bansa ay di pa nababakunahan dulot ng mabagal, kulang-kulang sa suplay at di madaling i-akses na pagbabakuna. Libre man ang bakuna, kinakailangan ng maraming Pilipino na gumastos o lumiban sa trabaho para magpabakuna.

"Ang paglitaw ng mga baryant ay nangangailangan ng tugon na angkop sa mga kongkretong kundisyon," ayon sa CPRH.

Dapat tiyakin ng estado ang akses ng mamamayan sa testing bilang bahagi ng aktibong sistema ng pagmamanman sa sakit. “Patuloy na mahahawa ng Omicron at iba pang baryant ang mamamayan — pareho ang mga bakunado at di bakunado,” anito, “kaya dapat laging tayong nauuna sa pagtutukoy kung nasaan ito at pagpigil sa pagkalat nito sa mga komunidad.”

“Dapat tigilian na ng IATF, NTF at mga upisyal pangkalusugan ang hibang nilang pagyayabang kaugnay sa kampanya sa pagbabakuna na hindi naman nakaabot sa mga target nito.” Noong Enero 1, nasa 45.18% o 49.79 milyong Pilipino ang nabakunahan ng dalawang dosis, malayo sa 77 milyong target sa katapusan ng 2021. Milyun-milyon pa, laluna sa kanayunan, ang di pa natuturukan kahit ng unang dosis.

Mabilis na tumaas ang bilang ng mga kaso ng impeksyon sa pagtaas ng 7-araw na ng tantos ng paghahawaan mula 1% sa huling linggo ng Disyembre 2021 tungong 30% noong Enero 3. Sa kabila nito, nananatiling mababa ang isinasagawang mga test sa araw-araw. Noong nakaraang buwan, nasa 20,000 hanggang 30,000 lamang ito. Ngayong Enero, pinakamataas na ang 42,000 test. Para maging epektibo, dapat magsagawa ng 260,000 kada araw na tests ang gubyerno, ayon sa ilang eksperto.

## Abugadong tagapagtanggol ni Duterte at mga Marcos, sinuspinde ng Korte Suprema

Enero 05, 2022

Sinuspinde kahapon ng Korte Suprema ang lisensya ng abugadong kilalang panatikong maka-Duterte at maka-Marcos. Binigyan ng korte si Lorenzo Gadon ng sampung

araw para magsumite ng mga dahilan kung bakit hindi siya dapat tuluyang ilalaglag bilang abugado.

Naging kilala si Gadon sa kanyang magagaspang na pananalita ng pagtatanggol kay Duterte. Personal na iniendorso ni Duterte ang kanyang pagtakbo sa senado para sa eleksyong 2022.

Ginawa ang pagsuspinde matapos lumaganap sa social media simula Disyembre 15, 2021 ang isang bidyo kung saan minumura ng abugado ang beteranong mamamahayag na si Raissa Robles. Maririnig dito ang pagmumura at pambabastos ni Gadon kay Robles kaugnay sa ulat na nagsabing isang tax evader o hindi nagbabayad ng buwis si Ferdinand Marcos Jr.

Batikan mamamahayag si Robles na dati nang nagsusulat laban sa diktadura ni Marocs at ngayon laban sa tiraniya ni Duterte. Ayon sa Korte Suprema, hindi lamang atake kay Robles ang ginawa ni Gadon, kundi sa lahat ng mga propesyong ligal.

Nagpasalamat si Robles sa Korte Suprema at sa lahat ng mga sumuporta sa kanya laban kay Gadon. Kabilang sa pinasalamatan niya ang Gabriela, na aniya'y hayagan siyang ipinagtanggol kahit pa may ilan siyang nasabing "kritikal sa Kaliwa." Aniya, ipagpapatuloy niya ang pagsasampa ng kaso para tuluyan nang bawiin ang lisensya ni Gadon bilang abugado.

Kasama niyang nagbunyi ang mga progresibong abugado, tagapagtanggol ng karapatan sa pamamahayag at demokratikong mga organisasyon.

## Batas laban sa pag-aasawa at pakikiapid sa mga bata, naipasa na

Enero 06, 2022

Pinuri ng #GirlDefenders Alliance at ng Gabriela Women's Party (GWP) ngayong araw ang pagpasa noong Enero 5 ng Prohibition of Child Marriage Law, ang batas laban sa pagkakasal at pakikiapid sa mga bata, edad 17-pababa. "Isa itong mayor na hakbang para bigyan ng mas malakas na proteksyon ang mga bata laban sa sekswal na pang-aabuso at epekto ng maagang pag-aasawa," ayon kay Arlene Brosas, kinatawan ng GWP sa Kongreso.

Sa Philippines National Demographic and Health Survey ng Philippine Statistics Authority noong 2017, umaabot sa 17% ng mga batang babae at 3% ng mga batang lalaki ang inaasawa bago sila tumuntong ng 18 anyos. Sa estadistika ng UNICEF, 2% sa mga batang babae ang ikinakasal bago sila mag-15 anyos. Ang Pilipinas ang ika-10 sa may pinakamaraming ikinakasal na mga batang babae kada taon, ayon sa #GirlDefenders Alliance. Pinakamataas ang mga batang babaeng inaasawa sa BARMM (Bangsamoro), kasunod sa Mimaropa (Region 4-B) at Soccsksargen.

"Ang pagpasa ng Prohibition of Child Marriage Law ay magsasara ng mga butas sa batas dahil ituturing nang krimen sa buong bansa ang pagkakasal sa isang bata ang magbibigay ito ng proteksyon sa lahat ng mga bata sa negatibong epekto sa kanilang kalusugan at pag-unlad," ayon sa #GirlDefenders Alliance.

Ang pag-aasawa ng mga bata ay may masasamang epekto sa kanilang pag-unlad. Hindi nila nakukumpleto ang kanilang edukasyon, nalalagay sila sa mga sitwasyong bulnerable sila sa karahasan, at di handa ang kanilang mga isip at katawan

para sa pagbubuntis at pagiging magulang. Karapatan ng bawat bata na abutin ang buo niyang potensyal at ang pag-aasawa nang wala pa sa edad ay humahadlang dito.

Tumaas pa ang bilang ng mga pag-aasawa ng mga bata sa panahon ng pandemya, ayon sa UNICEF. Noong 2020, tinaya ng organisasyong Save the Children na nagkaroon ng 12 pagkakasal ng mga bata sa buong mundo (walang hiwalay na datos sa Pilipinas.) Tinataya ng grupo na aabot sa 2.5 batang babae ang mapupwersang mag-asawa pagsapit ng 2025.

“Napapanahon ang pagpasa ng batas laluna sa harap ng pagtaas ng bilang ng mga tinedyer na nabubuntis sa ilalim ng pandemya,” ayon pa kay Brosas. Mayroong mga ulat ng mga batang edad 10 na nanganak noong 2020. Noong 2019, umaabot na sa 180,916 ang naitalang nanganak na na nasa edad 10-19 anyos. “Nasa 3% lamang sa bagong ipanganak na sanggol ang may amang nasa kaparehong age-group (o tinedyer rin),” ayon sa United Nations Population Fund Philippines noong Enero 2020. Ibig sabihin, maaaring resulta ang mga pagbubuntis ng “pamimilit at di-pantay na relasyon sa pagitan ng mga batang babae at mga lalaking mas matanda sa kanila.”

“Kailangan talaga nating aktibong harapin at itigil ang padron na ito at palakasin ang mga serbisyo para protektahan at suportahan ang mga bata,” ayon kay Brosas.

Sa ilalim ng batas, ituturing na krimen ang pagkakasal at pagbabasbas sa kasal ng isang bata, gayundin ang pakikiapid ng isang nakatatanda sa isang bata.  Ikukulong nang hanggang 12 taon at mumultahan ng P50,000 kung ang mapapatunayang nagkasala sa krimen ay kamag-anak, magulang, nag-ampon o tagapangalaga ng biktimang bata.

## Striketober

Enero 07, 2022

Magkakasunod na tagumpay, inani ng kilusang manggagawa sa US

Nagkamit ng mayor na mga tagumpay ang mga manggagawa sa dalawang multinasyunal na korporasyon sa US. Bumalik na sa trabaho ang nagwelgang mahigit 10,000 manggagawa sa John Deere at 1,400 sa Kellogg's matapos makamit ang hinihing karagdagang sahod at benepisyo. Bahagi ang mga manggagawa ng Striketober, kilusang welga na sumiklab sa iba't ibang bahagi ng US mula buwan ng Oktubre na nilahukan ng mahigit 100,000 manggagawa mula sa iba't ibang unyon.

Tinapos ng mga manggagawa ng Kellogg's, kumpanyang nagmamanupaktura ng mga produktong pagkain, ang kanilang welga noong Disyembre 20, 2021. Ito ay matapos nilang bumoto para ratipikahin ang bagong kasunduan ng mga manggagawa sa apat na planta ng kumpanya sa sa Michigan, Nebraska, Pennsylvania at Tennessee. Ang mga manggagawa ay kasapi ng Bakery, Confectionery, Tobacco Workers and Grain Millers International Union na nagtatrabaho sa mga planta ng kumpanya.

Sa kabila ng pagmamatigas ng kumpanya, hindi nakipagkompromiso ang mga unyonista at matagumpay nilang naigiit na bigyan ng dagdag sahod at benepisyo hindi lamang ang mga manggagawang matagal nang nagtatrabaho sa naturang mga planta kundi maging ang mga bago. Kabilang dito ang cost-of-living adjustment na magtataas sa sahod ng lahat ng manggagawa nang $1.10 (₱55) kada oras. Noong Disyembre 7, nagkaisa at nanindigan ang mayorya ng mga manggagawa para bumoto laban sa limang-taong alok

ng kumpanya na taasan lamang nang 3% ang sahod ng mga manggagawang matagal nang nagtatrabaho sa mga planta.

Tinapos na rin ng mga 10,000 manggagawa ng John Deere, kumpanyang gumagawa ng mabibigat na kagamitang pang-agrikultura at makina sa Iowa, ang kanilang welga noong Nobyembre 17. Sila ay mga kasapi ng unyong United Auto Workers (UAW) sa 14 na planta ng kumpanya, kabilang ang pito sa Iowa, apat sa Illinois, at tig-isa sa Kansas, Colorado at Georgia. Naigiit ng mga manggagawa na itaas nang 10% ang sahod ng manggagawa sa loob ng anim na taon, karagdagang 5% dagdag sa 2023 at 2025, at pagpapanatili ng programang pensyon na unang binalak na itigil ng kumpanya. Bahagi rin ng kontrata ang pagbibigay ng $8,500 bonus sa bagong mga manggagawa. Ang welga ng mga manggagawa ng John Deere ang pinakamalaki sa mga pagkilos na bahagi ng Striketober.

Ayon kay Chuck Browning, bise-presidente ng UAW, "Ang sakripisyo at pagkakaisang ipinamalas ng mga kasapi namin sa John Deere, at ang determinasyon ng kanilang mga negosyador ang susi sa tagumpay na ito. Sinimulan nila ang isang kilusa para sa mga manggagawa sa bansang ito sa pamamagitan ng tagumpay na nakamit ngayong araw, at inani nila ang pagkilala at respeto ng lahat ng nakikibaka para sa kundisyong matwiran at patas sa mga pagawaan."

Ang mga tagumpay na ito ay nakamit sa kalagitaan ng mga welga at paghahanda para magwelga sa iba't ibang bahagi ng US. Noong Nobyembre 2021, mahigit 40,000 manggagawa ng Kaiser Permanente (dambuhalang konsorsyum ng mga kumpanya sa kalusugan) ang nagkasa ng kanilang welga noong Nobyembre 2021. Nagwelga rin ang mga manggagawa ng University of Pittsburgh Medical Center, Boston Museum of Fine Arts workers, at mga drayber ng bus sa Minneapolis.

## #TularanSiKaBel: Kaarawan ni Ka Crispin “Ka Bel” Beltran, ginunita

Enero 08, 2022

Bilang paggunita sa ika-89 taong kaarawan ni Crispin “Ka Bel” Beltran, nag-alay ng bulaklak ang Kilusang Mayo Uno sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City noong Enero 7. Inalala nila ang naging mga ambag ng dakilang lider-manggagawa sa ilang dekadang pakikibaka at paglilingkod para sa masang anakpawis.

Nagkaroon din ng online na programa sa social media na pinamagatang: Be a Ka Bel: Itaguyod ang diwa ng makabayan at makamasang lingkod-bayan. Anila, dapat tularan ng sinumang tatakbo para sa pampublikong pusisyon ang ehemplo ni Ka Bel. Kampeon siya ng maralita sa loob at labas ng Kongreso, walang pagod niyang binitbit ang interes ng mga magsasaka at manggagawa at nagsulong ng mga reporma para sa kanilang karapatan at kagalingan.

Si Ka Bel ay isa sa pinakakilala at matatag na lider-unyonista sa Pilipinas na lumitaw noong dekada 1970 sa gitang ng paglaban sa diktadura ni Ferdinand Marcos Sr. Kasama siya sa mga nagtatag sa Kilusang Mayo Uno noong 1980 at pinamunuan niya ito ng mahigit isang dekada.

Dahil sa kanyang matatag na pamumuno sa uring manggagawa, ipinakulong siya ni Marcos. Nakatakas siya noong 198_ at sumanib sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Lumitaw siyang muli nang mapatalsik si Marcos noong 1986 at bumalik sa pamunuan ng kilusang manggagawa.

Noong 1987, kabilang siya sa mga makabayan at demokratikong pwersa na kumandidatong senador sa ilalim ng Partido ng Bayan.

Sa sumunod na mga dekada, lalong naging kilala si Ka Bel sa maraming pakikibaka ng uring manggagawa na kanyang pinamunuan at nilahukan, kabilang ang mga malawakang paglaban at aklasan para sa umento sa sahod, laban sa pagtaas ng presyo ng langis, gayundin para sa pagpapatalsik ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Noong taong 2000, nahalal siyang tagapangulo ng International League of People's Struggles, isang pandaigdigang alyansang anti-imperyalista.

Noong 2001, kasama sina Satur Ocampo at Liza Maza, nahalal si Ka Bel bilang unang kinatawan ng Bayan Muna sa Kongreso noong 2001. Isa rin siya sa mga nagtatag ng partidong Anakpawis noong 2003 at naging kinatawan nito. Noong 2006, ipinakulong siya ng dating presidente Gloria Arroyo sa kasong rebelyon. Ipinagtanggol siya ng malawak na masang manggagawa, kasama ng mga abugado sa loob at labas ng bansa, hanggang ipinag-utos ng Korte Suprema ang kanyang paglaya.

Namatay noong Mayo 20, 2008 sa Bulacan nang mahulog siya habang kinukumpuni ang bubong ng kanilang bahay.

## PKP-NCMR, nagpasalamat sa masa sa kanilang walang-sawang pagsuporta

Enero 08, 2022

Sa okasyon ng ika-53 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, ipinaabot ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa North Central Mindanao Region (NCMR) ang mataas na

pagsaludo sa lahat ng inaapi at pinagsasamantahang masa sa rehiyon na “nagsisilbing bukal ng sigla at katatagan ng buong rebolusyonaryong pwersa.”

Sa pahayag ng paggunita sa anibersaryo na inilabas ng komite noong Enero 5, sinabi nitong masaya ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa na palaging makasalamuha at makasama ang masang kanilang pinaglilingkuran laluna kung maririnig nila mula sa masa ang mga katagang: “matagal na namin kayong hinihintay.”

“Maraming salamat sa inyong walang-sawang pagsuporta at pagsagawa ng mga inisyatiba upang ipagpatuloy at paigtingin ang demokratikong rebolusyong bayan,” dagdag ng komite.

Ipinaabot ng PKP-NCMR ang pasasalamat sa pagtatapos ng 2021 kung saan humarap sa matinding kontra-insurhensyang atake ang armadong kilusan sa rehiyon. Naging mahirap man ang landas, lalong napanday ang mga rebolusyonaryong pwersa sa buhay at kamatayang pakikibaka. Anito, gagawin ng Partido sa rehiyon na tuntungan ang mga aral sa nagdaang taon upang sumulong sa mas mataas na antas ng digmang bayan.

Kahit pa pinopokusan ng atake ng militar at pulis, nakapaglunsad pa rin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-NCMR ng 55 aksyong opensiba laban sa reaksyunaryong armadong pwersa noong 2021. Sa mga labanang ito, 70 elemento ng kaaway ang napatay at 50 ang nasugatan. Kabilang rin sa tinarget ng hukbong bayan ang mga multinasyunal na plantasyon na sumisira sa kapaligiran at nang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka’t katutubo.

Pinagpugayan ng Komiteng Rehiyon ang mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB sa pagsuong nila sa

sakripisyo para ipagpatuloy at paigtingin ang armadong paglaban. Pinalalawak ng hukbong bayan ang saklaw ng mga baryong naaabot at pinalalalim ang ugnay sa mga ito upang lumawak ang maniobrahan at mabigo ang mga atake ng kaaway.

Sa pangkalahatan, napanatili at napatibay ng mga yunit ng BHB sa rehiyon ang kanilang lakas. Malaking tulong sa pagkamit nito ang tuluy-tuloy na pagtatasa at paglalagom sa mga gawain. Napanatili rin ang karamihan sa mga larangang gerilyang saklaw ng BHB.

Isa ang NCMR sa mga prayoridad ng gubyernong Duterte sa kontra-insurhensyang gera nito. Naitala sa nakalipas na limang taon sa rehiyon ang pinakamaraming insidente ng pambobomba mula sa ere, panganganyon at istraping ng mga helikopter. Gayunman, bigo itong gapiin ang BHB sa rehiyon. Sinabi ng Komiteng Rehiyon na inaral at ginawan ito ng hakbang ng mga rebolusyonaryo upang makaiwas sa pinsala.

Sa gitna ng pinatinding gera, mapangahas na nakipaggitgitan ang BHB sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa masang magsasaka at napanatiling mahigpit ang ugnay sa kanila. “Kahit pa nasa kaaway ang abanteng sandata at mga bomba, nasa BHB naman ang umaapaw na suporta ng mamamayan,” dagdag ng komite.

Para sa 2022, muling nagtagubilin ang Komiteng Rehiyon na dapat ay matalas at wastong ilapat ang rebolusyonaryong teorya sa pagkilos. “Dapat seryoso nating pag-aralan ang lahat ng karanasan at paunlarin ito sa pamamagitan ng mas mataas na antas ng rebolusyonaryong praktika,” dagdag pa ng pahayag.

Sa kagyat, dapat umanong paghandaan ang kakaharaping mga sakripisyo dahil inaasahan na sa darating na mga buwan ay ibubuhos ng gubyernong Duterte ang "huling tulak" para sa hangal na target na durugin ang rebolusyonaryong kilusan. Hiningi ng Komiteng Rehiyon sa lahat ng kadre at myembro ng Partido, sa BHB at mga aktibistang masa na iangat ang diwang mapanlaban at determinasyon upang biguin ang atake ng kaaway.

## Asawa ng bilanggong pulitikal, dinukot; Magsasaka, iligal na inaresto

Enero 12, 2022

Dinukot ng di nakilalang mga tao si Joyna Lacio Sabanal, asawa ng bilanggong pulitikal at magsasakang si Roger Sabanal, sa Fortune Towne, Bacolod City noong Enero 6.

Si Sabanal ay residente ng Barangay Buenavista, Himamaylan City. Ayon sa kanyang huling mensahe, dinukot siya ng tatlong tao kabilang ang isang babae. Bago pa ang insidente, nakatatanggap na ng mga pagbabanta at pananakot si Sabanal kaugnay na rin ng pagka-aresto ng kanyang asawa noon pang 2019.

Samantala, dinakip ng dalawang pulis ang lider-magsasaka na si Domingo Sebastian noong Enero 10 nang alas-otso ng gabi sa Barangay Bulo, Tabuk City, Kalinga. Si Sebastian ay isang manggagawang-bukid na miyembro ng Danggayan dagiti Mannalon ti Isabela (DAGAMI).

Ayon sa paunang ulat, inaresto siya para "linisin" ang kanyang pangalan sa akusasyong sangkot siya sa rebolusyonaryong kilusan.

## Pagpapaiksi ng kwarantina para sa mga manggagawang pangkalusugan, binatikos

Enero 12, 2022

Binatikos kahapon, Enero 11, ng mga manggagawang pangkalusugan ang sadyang pagpapabaya ng Department of Health (DOH) at ng rehimeng Duterte sa kanilang kaligtasan, proteksyon at kapakanan. Ayon sa Alliance of Health Workers, sa mahigit dalawang taon sa ilalim ng pandemya, palala nang palala ang mga kundisyon sa paggawa ng mga manggagawang pangkalusugan.

Pinakahuli sa mga pahirap ang kautusan ng DOH noong Enero 6 na nagbawas ng araw ng pagkakwarantina ng mga manggagawang pangkalusugan mula 14 araw tungong limang araw na lamang kapag may kumpletong bakuna at booster shot na sila. Ginawa ito ng ahensya para agapan ang mabilis na pagbagsak ng kapasidad ng sistemang pangkalusugan sa harap ng muling pagpalo ng bilang ng mga nahawa ng bayrus sa pangkalahatan at ang pagtaas ng bilang ng nahawang mga manggagawang pangkalusugan.

"Di makatao, di makatarungan, walang lohika at mapanlinlang ang DOH Circular 2022-002," ayon sa Alliance of Health Workers. Anila, ang pagpapaiksi ng mga kwarantina ng mga nahawa na ay higit lamang magpapakalat ng bayrus sa kapwa nila mga manggagawang pangkalusugan at mga pasyente. "Ang pagtaas ng bilang ng mga nahawa ay nagpapakitang bulnerable kami sa baryant na Omicron kahit pa kumpleto ang aming bakuna at may booster shot," ayon sa grupo. Ikinagalit nila ang desisyon ng DOH na hindi i-test ang mga walang sintomas kahit pa naka-expose sa bayrus. "Pinipilit nila kaming magtrabaho imbes na magkwarantina."

“Dalawang taon na kaming nakikipagbuno sa Covid-19 at dalawang taon na rin kaming bulnerable sa bayrus,” ayon kay Robert Mendoza, presidente ng AHW. Sa San Lazaro Hospital sa Manila City, aniya, dalawang buwan nang walang suplay ng mga face shield. Sa Jose Reyes Memorial Medical Center sa parehong syudad, napakalimitado ng suplay ng mga N95 mask. Kulang na kulang ang mga gamot at suplay medikal ng mga pampublikong ospital. Sa ospital na ito, ang isang nars ay nag-aalaga ng 24 pasyenteng may Covid-19 at dagdag na 11 na Covid-related na pasyente. Sa Philippine Heart Center, ang isang nars ay nag-aalaga ng 24 pasyenteng may Covid.

Sa Emergency Room ng Lung Center of the Philippines, isang nars lamang ang nakaduty kada shift ngayong punung-puno ito ng mga pasyenteng nahawa sa Covid. Sarado na ang out-patient department at iba pang ward ng National Kidney and Transplant Institute dulot ng kakulangan ng personel dahil marami sa kanila ay nahawa na at sa ngayon ay nakakwarantina.

“Imbes na lutasin ang palagiang problema ng kakulangan ng personel sa pamamagitan ng mass hiring para sa mga regular na pusisyon, naglabas ang gubyernong ito ng kautusan na di makatao at peligroso sa aming mga health worker,” ayon pa kay Mendoza.

## Pasista, walang kwenta at katangahan ang “no vax, no labas”, “no vax, no ride” at “no vax, no entry”

Enero 13, 2022

Sa isang bayan sa rehiyon ng Soccsksargen, tinanggihan ng isang ospital ang isang lolang nais ipatingin ang maysakit

niyang apo dahil kapwa silang di bakunado. Nang magpasyang bumili na lamang ng gamot para sa impeksyon, tumanggi ang parmasya na bentahan sila dahil wala silang vaccine card. Isa ang Soccsksargen sa mga rehiyon na may pinakamababang bilang ng mga nabakunahan. Noong Disyembre 15, 23.8% pa lamang sa rehiyon ang nabakunahan ng dalawang dosis at 36.8% pa lamang ng target na populasyon (di kabilang ang mga bata) ang naturukan ng unang dosis.

Sa Davao City, sa kabila ng pakitang-tao ng meyor nitong si Sara Duterte na kontra siya sa diskriminasyon, nakalatag ang patakarang "no vax, no entry" sa syudad. Tulad ng kanyang tusong ama, "ipinauubaya" niya sa mga negosyante ang pagpapatupad ng diskriminasyon sa pagsasabing ang mga ito na ang magpatutupad sa pagbabawal sa mga di bakunado. Dati nang nakapataw sa syudad ang "no vax, no entry" sa mga pampublikong upisina tulad ng munisipyo, mga istasyon ng pulis at iba pang nagbibigay ng batayan at nararapat na pampublikong serbisyo ng lokal ng gubyerno. Binantaan rin niyang na sisipain sa trabaho ang mga empleyado sa city hall na hindi magpapabakuna.

Ang mga "pagsosobrang" ito ng mga lokal na gubyerno ay bunsod ng mandong "no vax, no labas" na ipinag-utos ng Rodrigo Duterte sa kanyang press conference noong nakaraang linggo. Dahil walang batayang ligal, inatasan niya sa mga lokal na gubyerno na gumawa ng kani-kanilang mga ordinansa. Pinagbantaan niya ng aresto ang mga upisyal ng barangay kung hindi nila susundin ang kanyang atas.

Noon pang 2021 ipinatutupad ng malalaking kapitalista ang "no jab, no work" laban sa mga di bakunadong mga manggagawa at "no vax, no entry" sa mga establisimyento tulad ng mga mall, groseri at iba pang komersyal na espasyo. May "no vax, no F2F" naman sa mga guro at estudyante.

Tinangka rin ang patakarang "no vax, no 4Ps" at kahit ang "no vax, no Christmas bonus" na nagkakait sa nararapat na mga benepisyo sa mga manggagawa at mamamayan.

"Diskriminasyon, iligal, pasista, pahirap at higit sa lahat, walang kwenta at katangahan" ang paglalarawan ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga patakarang naggigipit sa mga di pa bakunado. Tahasang ipinagbawal ng magkakaaugnay na mga patakaran sa malaking bahagi ng populasyon ang lumabas sa kanilang at ipinagkakait sa kanila ang mga batayang serbisyong panglipunan (kabilang ang magpabakuna). Noong Enero 11, nasa 48.45% pa lamang ng target na populasyon (70%) ang bakunado ng dalawang dosis at 75% ang naturukan ng isang dosis. Ayon sa mga eksperto, dapat nang itaas ng estado ang target nitong populasyon mula 70% tungong 90% laluna sa harap ng mas nakahahawa na baryant na Omicron.

Sa isang pahayag noong Enero 5, nanawagan ang PKP na tuligsain at labanan ang patakarang "no vax, no labas" ng rehimen. Anito, ipinapataw ito ni Duterte para itago ang kapabayaan ng kanyang rehimen sa sektor ng kalusugan at kapalpakan ng pangkalahatang tugon nito sa pandemya. Isinaad rin ng Partido na ang mga patakarang ito ay katumbas na ng lockdown na ang layunin ay "ipataw sa taumbayan ang pasanin ng pagkokontrol sa pandemya at ipawalang-sala ang gubyerno sa pagtanggi nitong balikatin ang gastos sa mass testing, contact tracing, pagpapaunlad sa mga pasislidad sa kalusugan, paggamot sa mga impeksyon at ayudang pangkabuhayan sa milyun-milyong naghihirap na mamamayan."

"Dapat tuligsain si Duterte at kanyang mga tagasunod na malalaking negosyo sa pagpapaypay sa pasistang histerya laban sa mga hindi pa nababakunahan," ayon pa sa PKP. "Karapatan ng bawat indibidwal kung siya ay

magpapabakuna, tulad ng iba pang hakbanging medikal. Responsibilidad ng estado na magsagawa ng komprehensibong kampanyang edukasyon para tulungan ang mamamayan na pangibabawan ang pag-aalangan sa bakuna, at maglatag ng kundisyon para sila ay makapagpabakuna."

Noong Enero 8, kinwestyon ng Commission on Human Rights ang pataran dahil "maaring di konstitusyunal" ito. Ayon sa komisyon, garantisado sa Konstitusyong 1987 ang kalayaan ng pagkilos ng mamamayan at maaari lamang itong higpitan kung may naipasang batas para rito.

Lantaran din nitong binatikos ang "no vax, no ride" bilang labag sa mga batayang karapatan sa malayang pagkilos at serbisyo ng pampublikong transportasyon. Anito, kung walang batas na nagtatakda sa mga limitasyon sa mga restriksyong ipinapataw sa mga karapatan, ang patakarang naghihigpit sa mga karapatang ito ay maaring maging "sobrang malawak at umaatake na sa mga personal na kalayaan."

Ayon kay Renato Reyes ng Bayan, iligal at "absurd" o walang lohika ang "no vax, no ride" ng DOTR. "Hindi dapat isisi sa mga tao ang mababang tantos ng pagbabakuna laluna kung hindi naman laging may suplay nito," aniya. Mas dapat na nakapokus ang pamahalaan sa pagtataas ng bilang ng testing, pagsagawa ng contact tracing at pagpapataas ng kapasidad ng health system, aniya. "Walang malasakit ng gubyernong ito," aniya. "Puro pananakot at panggigipit ang alam."

Bago nito, sinabi na ng DoH na walang balak ang ahensya na magsagawa ng mass testing. Inanim rin ng IATF na walang badyet at sa gayon walang gagawa ng masasaklaw na contact tracing. Sa halip, pinagsabihan na lamang ang mga

posibleng nahawa na “ipagpalagay” na lamang na nahawa na nga sila, at magkwarantina na sa kani-kanilang mga bahay.

Nagpahayag rin ng pagtutol sa pakanang “no vax. no ride” ang grupong Alt Mobility PH. Anito, diskriminasyon ito sa mamamayang nakaasa sa pampublikong transportasyon habang iniliigtas ang mga may sarling sasakyan. Milyun-milyong manggagawa ang umaasa sa pampublikong transportasyon para makapagtrabaho.

Binatikos rin ng mga kumakandidato sa pagkapresidente na sina Bise-Presidente Leni Robredo at Sen. Manny Pacquiao ang patakaran. Sa panig ni Robredo, nanawagan siyang ayusin muna ang mga pagbabakuna at bigyan ng insentiba ang mga di pa nabakunahan para mahikayat silang magpabakuna, imbes na ipagbawal ang kanilang paglabas sa bahay at ipagkait sa kanila ang kanilang mga karapatan.

## Mahigit 1 milyong pamilyang biktima ng Odette, wala pa ring kuryente

Enero 13, 2022

Umaabot pa sa 1,016,650 na sambahayan (o 26.78% ng kabuuang 3.7 sambahayan) ang nananatiling walang kuryente sa kanilang mga tahanan sa buong bansa matapos sagasaan ng bagyong Odette noon pang ikatlong linggo ng Disyembre 2021. Dumadaing din ang mga pamilya sa kawalan ng malinis na tubig na maiinom at sustenidong suporta at tulong mula sa gubyerno. Umaabot sa 181 distrito ng tubig ang lubhang naapektuhan ng paghagupit ng bagyo.

Pumalo na sa ₱28.6 bilyon ang kabuuang halaga ng pinsala na dulot ng bagyong Odette, ayon sa tala ng gubyerno noong Enero 10. Naitala ang ₱10.9 bilyon nawasak sa agrikultura

habang ₱17.7 sa imprastruktura. Pinakamalaki ang pinsala sa rehiyon ng Caraga na nangawasak ang mga eskwelahan, gusali at pasilidad ng gubyerno, mga daanan at iba pa.

Pinakaapektado ang mga magsasaka at mangingisda na nawalan ng kabuhayan. Sa tala ng Oxfam, £40 milyon o ₱2.78 bilyong halaga ng mga bangka at gamit pandagat na gamit ng maliliit na mangingisda ang nawasak. Dagdag nito, apektado din ang 420,000 ektarya ng lupa ng mga magsasaka.

Nasira ang kabuuang 1.36 milyong mga bahay kung saan 368,441 ang lubusang nawasak. Dahil dito, mag-iisang buwan nang nakabimbin sa mga sentro ng ebakwasyon ang 341,454 indibidwal. Sa huling tala ng gubyerno, higit 400 ang bilang ng mga namatay sa bagyo at 66 ang nawawala pa sa kasalukuyan.

Ayon kay Jermaine Baltazar Bayas ng Oxfam, sa kanilang obserbasyon ay nagkakaroon ng matarik na pagtaas ng bilang ng matitinding bagyo sa nagdaang dekada. "Nasasaksihan natin ang tunay na manipestasyon ng climate change," dagdag pa niya.

Ang bagyong Odette ang huling bagyo (sa 15 bagyo) na humagupit sa Pilipinas at naitalang pinakamalakas sa taong 2021.

## Pag-uunyon ng mga manggagawa ng Amazon, umaarangkada sa US

Enero 14, 2022

Nagpapatuloy ang mga pagkilos at pagbubuo ng unyon ng mga manggagawa ng Amazon sa US para igiit ang makataong kundisyon sa paggawa at dagdag sahod sa mga iba't ibang

mga pasilidad nito. Ang mga nag-uunyon ay nasa larangan ng e-commerce o pagbebenta sa pamamagitan ng internet at nagtatrabaho sa mga bodega. Pinakahuli rito ang koordinadong mga pagkilos ng iba't ibang mga unyon at kanilang mga tagasuporta noong Enero 12 sa harap ng himpilan ng kumpanya sa New York City, at sa mga pasilidad nito sa San Francisco, Boston, Seattle, Atlanta, Chicago, Philadelphia, Cleveland, Baltimore at iba pang mga syudad.

Itinaon ang mga pagkilos sa ika-58 kaarawan ng may-ari ng Amazon at pangalawang pinakamayamang kapitalista sa buong mundo na si Jeff Bezos. Iginiit nila sa kumpanya na kilalanin ang kanilang mga unyon at organisasyon, at makipagnegosasyon sa mga ito para itaguyod ang kagalingan ng mga manggagawa. Ang Amazon, ang ikalawang pinakamalaking employer sa US, ay notoryus sa pambabarat sa mahigit 1 milyong manggagawa nito.

Umaarangkada ang mga pagsisikap sa pagbubuo ng unyon ng mga manggagawa ng Amazon laluna sa mga bodega nito sa Bessemer, Alabama. Noong Enero 11, inianunsyo ng National Labor Relations Board (NLRB) ng US ang pagpabor nito sa panawagan ng mga manggagawa na maglunsad ng ikalawang eleksyon para sa sertipikasyon ng Retail, Wholesale and Department Store Union (RWDSU) na nakatakdang simulan sa Pebrero 4. Ito ay matapos inireklamo ng mga manggagawa ang panggigipit ng maneydsment sa eleksyon noong Abril 2021 kung saan nanaig ang botong "no" sa pagbubuo ng unyon. Itinuring na "makasaysayan" ang eleksyon dahil ito ang kauna-unahang pagtatangkang magtayo ng unyon sa Amazon. Suportado ito ng malalawak na sektor ng mamamayang Amerikano, kabilang ang mambabatas na Democrat. Ayon sa desisyon ng NLRB, nilabag ng Amazon ang mga batas sa paggawa sa direktang pakikialam nito para harangin ang mga

pagsusumikap ng mga manggagawa para buuin ang kanilang unyon.

Noong Nobyembre 2021, pansamantalang itinigil ng mga manggagawa sa ilalim ng Amazon Labor Union sa mga pasilidad ng kumpanya sa Staten Island, New York ang kanilang petisyon para maglunsad ng eleksyon sa sertipikasyon. Ito ay dahil hindi nakalikom ng sapat na pirma ang unyon dulot ng panggigipit at pamimilit ng kumpanya sa mga manggagawa na huwag suportahan ang pagbubuo ng unyon. Gayunpaman, iginiit ng mga lider unyonista na muli silang magsusumite ng petisyon sa pinakakagyat na panahon.

Sa tulak ng mga pagkilos, una nang itinaas ng kumpanya ang abereyds na sahod kada oras sa kumpanya mula $17 tungong $18 noong Setyembre 2021, ngunit nagpapatuloy ang mga protesta para igiit ang mas mataas na sahod, benepisyo at karapatan sa ligtas na paggawa. Ayon sa isang lider manggagawa ng Amazonians United sa Chicago, hindi sapat ang kanilang sahod at hindi ligtas ang kundisyon sa paggawa sa kanilang bodega. Iginigiit nila ang $3-dagdag sahod kada oras at binatikos ang understaffing (hindi pag-eempleyo ng sapat na bilang ng mga manggagawa) sa mga pasilidad ng kumpanya para makatipid. Binatikos din nila ang pagpapaiksi sa break ng mga manggagawa tungong 5 minuto para makapagpahinga, at iginiit na ibalik ito tungong 20 minuto.

Noong Disyembre 22, nag-walkout ang mga manggagawa ng Staten Island, Cicero at Illinois para batikusin ang hindi patas na sistema ng paggawa sa Amazon, at pangingialam ng maneydsment sa pag-oorganisa ng mga manggagawa. Iginiit ng mga manggagawa na ibalik ang kanilang hazard pay sa harap ng muling pagbilis ng pagkalat ng Covid-19 at pahintulutan silang lumiban nang may sahod para

magkwarantina kung sakaling mahawa. Sa kasagsagan ng mabilis na pagkalat ng Covid-19 sa US noong Oktubre 2020, umabot sa 20,000 manggagawa ng Amazon ang nagpositibo sa bayrus. Naiulat din sa nakalipas na taon ang maraming kaso ng pagsibak ng kumpanya sa mga manggagawang kumukwestyon sa mga patakaran nito kaugnay sa pandemya, at bumabatikos sa hindi ligtas at hindi makataong kundisyon sa paggawa ng mga pasilidad nito.

Kabilang din sa mga mayor na panawagan ng mga manggagawa ang pagbabasura sa cellphone ban na nagbabawal sa mga manggagawa na magdala ng selpon sa oras ng trabaho. Pansamantalang niluwagan ang restriksyong ito sa panahon ng pandemya ngunit muling ipinatutupad ngayon. Lumakas ang panawagang ito kasunod ng pagkakulong at pagkamatay ng anim na manggagawa sa bodega ng Amazon sa Illinois matapos tamaan ng isang buhawi noong Disyembre 10. Iginigiit ng mga manggagawa na ipinagkakait ng cellphone ban ang karapatan ng mga manggagawa na agarang makahingi ng saklolo sa panahon ng sakuna. Sa huling mensahe ng isa sa mga biktima, inilahad niya na hindi sila pinahintulutan ng maneydsment na umalis. Imbes na iligtas ang mga manggagawa matapos ang unang babala kaugnay sa buhawi, pinabalik sila sa linya ng produksyon para magtrabaho. Ibinunyag din ng mga nakaligtas na manggagawa na hindi sila nabigyan ng anumang pagsasanay bilang preparasyon sa mga buhawi kahit pa nasa tinaguriang Tornado Alley (mga lugar na madalas na tamaan ng buhawi) ang kanilang bodega.

Patuloy na nagkakamal ng yaman at namumuhay nang marangya ang kapitalistang si Jeff Bezos pangunahin sa pamamagitan ng pambabarat sa kanyang mga manggagawa. Sa panahon ng pandemya, tumaas ang kabuuang yaman ni Bezos nang 40% mula $113 bilyon noong 2020 tungong

$187.1 bilyon. Sa harap ng laganap na kahirapang pinapasan ng mayorya sa gitna ng pandemya, walang pakundangang nagwawaldas si Bezos ng kanyang yaman. Pinakamatindi rito ang paggastos ni Bezos ng $5.5 bilyon para pondohan ang kanyang apat na minutong pagbyahe sa kalawakan noong Hulyo 2021.

Ang Amazon ay isang multinasyunal na kumpanyang nakapokus sa industriya ng e-commerce, cloud computing, digital streaming, at artificial intelligence. Ito ay may iba't ibang serbisyong online, at nagpoprodyus ng iba't ibang klase ng mga elektronikong kagamitan katulad ng mga e-reader, tablet computer, digital media player, at iba pa. Nakapagtala ang kumpanya ng $21.33 bilyong netong kita noong 2020 sa kalagitnaan ng pandemya.

## Pag-uunyon ng mga manggagawa ng Amazon, umaarangkada sa US

## Marahas na demolisyon sa Cavite, mariing kinundena

Enero 14, 2022

Mariing kinundena ng Pamalakaya, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Bayan Muna Partylist ang marahas na demolisyon sa isang komunidad ng mga mangingisda at magsasaka sa Cavite noong umaga ng Enero 13. Hindi ito ang unang pagkakataon na sinubukang pasukin at idemolis ang kanilang komunidad.

Pinaputukan ng mga pulis at ng gwardya ang nagpuprotestang mga residente ng Barangay Patungan (Barangay Sta. Mercedes) sa Maragondon, Cavite.

Tinututulan nila ang demolisyong isinasagawa ng mahigit isang libong katao mula sa Philippine National Police, Special Warfare Team (SWAT), Seraph Security Agency at 300-kataong demolition team. Kasama nila ang mga elemento ng Philippine Coast Guard.

Ayon sa ulat ng Pamalakaya, nagmula pa sa Tondo, Manila at Navotas City ang demolition team, at pinaniwalang padadaluhin lamang sila sa isang 'clean-up drive' sa isang resort at babayaran ng sahod na P650.

Labindalawang putok ang pinakawalan ng mga pulis at gwardya, na sa inisyal na ulat, ay nakasugat sa tatlong residente. Kinilala ang mga biktima na sina Neslie Lantar, Erick Dominado, at Ace Amul, mga mangingisda sa lugar. Isa sa kanila ay malubhang tinamaan ng bala sa tiyan, ayon kay Charm Maranan, tagapagsalita ng Defend Southern Tagalog.

Hindi makalapit ang mga residente sa mga sugatan dahil hinaharangan ng SWAT ang daan, ayon naman sa ulat ng BAYAN-Cavite. Dinala ng mga armado ang isang sugatan sa kanilang detatsment at doon binugbog. Mahigpit itong kinundena ng BAYAN-Cavite sa Commission. Iginiit din nito sa Commission on Human Rights (CHR) na magsagawa ng imbestigasyon sa naganap na pamamaril at marahas na pag-atake. Nanawagan ang grupo sa CHR at mga nagmamalasakit na organisasyon at indibidwal na kagyat na tulungan ang mga sugatan at residente ng Barangay Patungan.

Nananawagan naman ang pambansang tagapangulo ng Pamalakaya na si Fernando Hicap kay Cavite Gov. Jonvic Remulla na kagyat na tulungan ang mamamayan na mawawalan ng kanilang mga tirahan at para matigil ang marahas na demolisyon.

Laban Patungan!

Mula 2000, ipinaglalaban na ng mga magsasaka at mangingisda ng Barangay Patungan ang kanilang komunidad. Ayon sa Pamalakaya, ang ugat ng karahasang ito ay nagmula sa "pagbenta" ng Maria-Teresa Virata Realty Corp. sa kabuuang 602-ektaryang lupa at pangisdaan sa Manila Southcoast Development Corp. (MSDC) na pagmamay-ari ng mga Sy.

Balak ng MSDC na gawin ang Barangay Patungan na isang "exclusive beach resort" upang maging kadugtong ng Hamilo Coast sa Nasugbu, Batangas na kinatatayuan ng Pico de Loro Beach Resort na pagmamay-ari din ng mga Sy.

Umaabot sa 1,200 residente na karamihan ay mga mangingisda at mga magsasaka ang mawawalan ng kanilang mga tirahan at kabuhayan kung matutuloy ang demolisyon.

Binigkis ng mga residente ang kanilang komunidad sa ilalim ng Save Patungan Now Movement para ipagtanggol ang kanilang karapatan at labanan ang pagpapalayas sa kanila sa lugar. Bagaman may atas na ang Naic Regional Trial Court noon pang 2016 na Writ of Demolition, matibay ang paninindigan ng komunidad na hindi sila aalis. Ayon sa mga residente, matagal nang nakatirik ang kanilang mga bahay sa lugar mula pa sa kanilang kanunununuan 150 taon na ang nakararaan.

Simula 2016, mahigpit na ang pagbabantay at pag-hamlet ng mga elemento ng Philippine Air Force at pribadong maton ng MTV Corp.

## Marahas na demolisyon sa Cavite, mariing kinundena

Enero 14, 2022

Mariing kinundena ng Pamalakaya, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Bayan Muna Partylist ang marahas na demolisyon sa isang komunidad ng mga mangingisda at magsasaka sa Cavite noong umaga ng Enero 13. Hindi ito ang unang pagkakataon na sinubukang pasukin at idemolis ang kanilang komunidad.

Pinaputukan ng mga pulis at ng gwardya ang nagpuprotestang mga residente ng Barangay Patungan (Barangay Sta. Mercedes) sa Maragondon, Cavite. Tinututulan nila ang demolisyong isinasagawa ng mahigit isang libong katao mula sa Philippine National Police, Special Warfare Team (SWAT), Seraph Security Agency at 300-kataong demolition team. Kasama nila ang mga elemento ng Philippine Coast Guard.

Ayon sa ulat ng Pamalakaya, nagmula pa sa Tondo, Manila at Navotas City ang demolition team, at pinaniwalang padadaluhin lamang sila sa isang 'clean-up drive' sa isang resort at babayaran ng sahod na P650.

Labindalawang putok ang pinakawalan ng mga pulis at gwardya, na sa inisyal na ulat, ay nakasugat sa tatlong residente. Kinilala ang mga biktima na sina Neslie Lantar, Erick Dominado, at Ace Amul, mga mangingisda sa lugar. Isa sa kanila ay malubhang tinamaan ng bala sa tiyan, ayon kay Charm Maranan, tagapagsalita ng Defend Southern Tagalog.

Hindi makalapit ang mga residente sa mga sugatan dahil hinaharangan ng SWAT ang daan, ayon naman sa ulat ng BAYAN-Cavite. Dinala ng mga armado ang isang sugatan sa kanilang detatsment at doon binugbog. Mahigpit itong kinundena ng BAYAN-Cavite sa Commission. Iginiit din nito sa Commission on Human Rights (CHR) na magsagawa ng imbestigasyon sa naganap na pamamaril at marahas na pag-atake. Nanawagan ang grupo sa CHR at mga nagmamalasakit

na organisasyon at indibidwal na kagyat na tulungan ang mga sugatan at residente ng Barangay Patungan.

Nananawagan naman ang pambansang tagapangulo ng Pamalakaya na si Fernando Hicap kay Cavite Gov. Jonvic Remulla na kagyat na tulungan ang mamamayan na mawawalan ng kanilang mga tirahan at para matigil ang marahas na demolisyon.

Laban Patungan!

Mula 2000, ipinaglalaban na ng mga magsasaka at mangingisda ng Barangay Patungan ang kanilang komunidad. Ayon sa Pamalakaya, ang ugat ng karahasang ito ay nagmula sa "pagbenta" ng Maria-Teresa Virata Realty Corp. sa kabuuang 602-ektaryang lupa at pangisdaan sa Manila Southcoast Development Corp. (MSDC) na pagmamay-ari ng mga Sy.

Balak ng MSDC na gawin ang Barangay Patungan na isang "exclusive beach resort" upang maging kadugtong ng Hamilo Coast sa Nasugbu, Batangas na kinatatayuan ng Pico de Loro Beach Resort na pagmamay-ari din ng mga Sy.

Umaabot sa 1,200 residente na karamihan ay mga mangingisda at mga magsasaka ang mawawalan ng kanilang mga tirahan at kabuhayan kung matutuloy ang demolisyon.

Binigkis ng mga residente ang kanilang komunidad sa ilalim ng Save Patungan Now Movement para ipagtanggol ang kanilang karapatan at labanan ang pagpapalayas sa kanila sa lugar. Bagaman may atas na ang Naic Regional Trial Court noon pang 2016 na Writ of Demolition, matibay ang paninindigan ng komunidad na hindi sila aalis. Ayon sa mga residente, matagal nang nakatirik ang kanilang mga bahay sa lugar mula pa sa kanilang kanunununuan 150 taon na ang nakararaan.

Simula 2016, mahigpit na ang pagbabantay at pag-hamlet ng mga elemento ng Philippine Air Force at pribadong maton ng MTV Corp.

## Unknown Author2022-01-16T20:12:42

Enero 16, 2022

mga sentrong syudad ng

Unknown Author2022-01-16T20:45:00

pa

Unknown Author2022-01-16T20:45:00Unknown Author2022-01-16T20:10:15Default 2022-01-16T21:00:22Unknown Author2022-01-16T20:10:15Unknown Author2022-01-16T20:15:49

S

Unknown Author2022-01-16T20:15:49Unknown Author2022-01-16T20:33:11Unknown Author2022-01-16T20:15:55Default 2022-01-16T21:01:02

Unknown Author2022-01-16T20:15:55Unknown Author2022-01-16T20:23:00Unknown Author2022-01-16T20:22:44Unknown Author2022-01-16T20:37:46Unknown Author2022-01-16T20:56:00

paalisin

Unknown Author2022-01-16T20:56:00Unknown Author2022-01-16T20:56:00

raliyista

Unknown Author2022-01-16T20:56:00Unknown Author2022-01-16T20:22:39

y

Unknown Author2022-01-16T20:21:30

Ipinanawagan ng mga raliyista ang pagbibitiw ni Tokayev at kinundena ang patuloy na pamamayagpag sa bansa ng dating diktador na si Nursultan Nazarbayev sa kabila ng pagbaba niya sa pwesto noong 2019 matapos ang halos tatlong dekada ng kanyang diktadura. Natulak na magbitiw si Nazarbayev bilang hepe ng National Security Council noong Enero 5 sa tangkang pahupain ang galit ng mga raliyista. Gayunpaman, iniluklok naman ni Tokayev ang sarili para direktang pamunuan ito.

Dambuhalang mga protesta sa Kazakhstan laban sa taas-presyo, katiwalian

Sumiklab noong Enero 2 ang malawakang mga protesta sa Kazakhstan na nilahukan ng puu-puong mamamayan para tutulan ang pagsirit ng langis kasunod ng pagtanggal ni Pres. Kassym-Jomart Tokayev ng kontrol sa presyo ng liquefied petroleum gas (LPG). Maliban sa pagdoble ng presyo ng LPG, natulak ang mamamayang Kazakh na magprotesta para labanan ang laganap at matagalang katiwalian, kahirapan, disempleyo at di pagkakapantay-pantay sa bansa na pinatindi ng pandemyang Covid-19.

Ang mga pagkilos ay sinimulan sa inisyatiba ng mga manggagawa sa Ozenmunaigas oil field sa syudad ng Zhanaozen. Inisyal na panawagan ng mga manggagawa na ibaba ang presyo ng natural gas na pangunahing rekurso na ginagamit sa mga sasakyan at pagpoprodyus ng kuryente sa bansa. Pagkatapos ang dalawang araw, lumaganap at humugis tungong isang pambansang welga ang mga pagkilos

na sinaklaw ang halos lahat ng sentrong syudad at bayan sa bansa. Sa kalaunan, naging sentro ng protesta ang Almaty Square sa syudad ng Almaty, pinakamalaking syudad at dating kabisera ng Kazakhstan. Mayorya ng lumalahok sa mga pagkilos sa naturang syudad ay mga kabataang walang trabaho, mga manggagawang kontraktwal na hindi sapat ang kinikita, at mga maralita.

Hindi na lamang pagpapababa sa presyo ng natural gas ang kanilang panawagan sa pambansang welga. Ipinanawagan din ng mamamayan ang pagbibitiw sa pwesto ng gubyerno ni Tokayev, at pagtatanggal sa pulitikal na kapangyarihan ng dating pangulo ng bansa at diktador na si Nursultan Nursultan Nazarbayev, na anila'y patuloy na namamayagpag sa bansa sa kabila ng pagbaba niya sa pwesto noong 2019 matapos ang halos tatlong dekada ng kanyang diktadura. Iginiit din ng mga raliyista ang ligalisasyon ng pag-uunyon, pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, at nasyunalisasyon ng lahat ng malalaking minahan.

Kabilang sa mga mayor na hakbang ng mga raliyista ang pag-okupa sa pinakamalaking paliparan ng bansa sa naturang syudad noong Enero 4. Inokupa rin ng mga raliyista ang iba pang mga susing imprastruktura sa naturang syudad. Kinabukasan, nilusob at sinunog ng mga raliyista ang bahay ni Tokayev kasunod ng pagbibitiw ng kanyang gabinete sa pwesto. Natulak din na magbitiw si Nazarbayev bilang hepe ng National Security Council noong Enero 5 sa tangkang pahupain ang galit ng mga raliyista. Gayunpaman, iniluklok naman ni Tokayev ang sarili para direktang pamunuan ito.

Noong Enero 6, buong araw na pinaulanan ng bala ng mga pwersa ng estado ang Almaty sa dikta ni Tokayev para buwagin ang mga pagtitipon. Nagpataw din ang rehimen ng

mga restriksyon sa paggamit ng internet para pigilan ang pagdaloy ng impormasyon ukol sa mga nagaganap sa lugar.

Para supilin ang mga pagkilos, nagpataw si Tokayev noong Enero 7 ng dalawang-linggong karpyu at inutusan ang armadong pwersa ng Kazakhstan na "barilin nang walang babala" ang mga raliyista na binansagan niyang mga "terorista."

Ayon sa konserbatibong taya ng gubyerno noong Enero 9, umabot na sa 164 ang namatay, kalakha'y mga raliyista. Kabilang rin diumano sa mga namatay ang 16 na armadong elemento ng estado. Umabot sa 2,200 ang nasugatan (62 ang kritikal) at 7,939 raliyista ang inaresto.

Umiigting ngayon ang interbensyong militar sa bansa kasunod ng pagpapanawagan ni Tokayev ng suportang militar mula sa Russia para supilin ang mga protesta. Nagpahayag ang Collective Security Treaty Organization, isang alyansang militar na pinamumunuan ng Russia, na magdedeploy ito ng 2,500 tropa sa bansa sa ngalan ng "pagpapanatili sa kapayapaan." Noong Enero 6, nagsimula nang dumating sa bansa ang mga tropa mula sa Russia, Belarus, Tajikistan at Armenia. Sinasakyan naman ng US at mga alyado nito ang lehitimong protesta ng mamamayang Kazakh para batikusin ang interbensyong militar ng Russia.

Ang Kazakhstan ang ikalawang may pinakamalaking reserba ng langis sa mga dating bansang Soviet kasunod ng Russia. Mayroon itong 30 bilyong bariles na reserbang langis, ika-12 pinakamalaki sa buong mundo, at nagpoprodyus ng 1.8 milyong bariles kada araw. Sa kabila ng mayaman na rekursong ito, laganap ang kahirapan sa bansa dulot ng laganap na katiwalian at kroniyismo sa ilalim ng rehimen ni Nazarbayev at Tokayev.

## Pag-atake ng AFP sa isang pamilya sa Negros, pinalalabas na engkwentro

Enero 17, 2022

Sa desperasyong kamtin ang hibang na layunin na durugin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago matapos ang termino ni Rodrigo Duterte, muling nagpakana ang 62nd IB ng isang pekeng engkwentro sa Guihulngan City, Negros Oriental noong Enero 15.

Napatay si Arnold Swerte, isang magsasaka, nang paulanan ng bala ng mga sundalo ang kanyang bahay sa Barangay Sandayao. Kasama ni Swerte sa bahay ang kanyang mga kamag-anak kabilang ang isang menor-de-edad na nasugatan sa pamamaril.

Matapos nito, pinuntahan ng mga sundalo ang kapitbahay ni Swerte na si Ritchie Sabeleo at binugbog. Ikinulong rin ng 62nd IB ang apat na sibilyan at ipinagkalat sa midya na sila ay mga kasapi ng BHB.

Ayon sa lokal na pulis ng Guhuilngan City, sasampahan ang mga magsasaka ng kasong attempted homicide, paglabag sa gun ban at illegal possession of firearms and ammunition. Samantala, ang dalawang menor-de-edad ay ibibinbin sa Department of Social Welfare and Development.

Kinundena ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang walang pakundangang pamamaril sa mga sibilyan. Labag sa ito sa mga internasyunal na tuntunin sa digma at sa Comprehensive Agreement for Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Sa isang pahayag, tiniyak ng yunit ng BHB ang mabibigyan-hustisya ang pagkamatay ni Swerte at pagyurak sa

karapatan ng mga residente ng Guihulngan City. "Paiigtingin ng hukbong bayan ang mga opensiba nito sa larangang gerilya, laluna laban sa mga pasistang tropa na duguan ang kamay sa pagpapatupad ng maruming gera ng rehimeng Duterte," pagtatapos ng BHB-Central Negros.

Sa tala ng Ang Bayan, ang isla ng Negros ang ikalawa sa may pinakamataas na bilang ng pampulitikang pamamaslang sa nagdaang taon (mula Disyembre 2020-Disyembre 2021). Umabot ito sa 23. Tumindi ang mga paglabag sa karapatang-tao sa isla matapos ang implementasyon ng Memorandum Order 32 ng rehimeng Duterte noong 2018.

## Paaralang Lumad sa Davao de Oro, giniba ng AFP

Enero 17, 2022

Giniba ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at kasapakat nitong paramilitar ang paaralang Lumad sa Sityo Cambudlot, Barangay San Miguel, Compostela, Davao de Oro noong Enero 14. Ang paaralang Salugpungan Ta'Tatanu Igkanugon Learning Center Inc. ay binuo ng samahang pangkomunidad noong pang 2011 para magibigay ng libre at makabuluhang edukasyon sa mga batang Lumad.

Pinangangasiwaan ang paaralan ng mga organisasyong masa at relihiyosong grupo tulad ng Rural Missionaries of the Philippines. Ipinasara ito ng Department of Education (DepEd) at ni Duterte noong Oktubre 2019 matapos malisyoso itong iniugnay sa rebolusyonaryong kilusan. Kabilang ang naturang paaralan sa 166 eskwelahang Lumad na ipinasara sa termino ni Duterte.

Umani ng malawakang pagbatikos mula sa iba't ibang organisasyong masa ang pagpapasara sa mga paaralang Lumad simula pa 2017. Inilunsad ng Save Our Schools Network ang serye ng mga 'Paaralang Bakwit' para ipabatid ang kanilang pagkadismaya sa pagpapasara sa mga paaralan sa Mindanao.

Ang pagpapasara sa paaralan ay matamang sinubaybayan at tiniyak ni Hermogenes Esperon Jr., National Security Adviser at retiradong heneral ng AFP. Ginamit niya ang mga sibilyang institusyon tulad ng DepEd para ipasara ang paaralan. Pinalalabas ni Esperon na ang mga paaralang Lumad ay nagrerekrut ng mga kabataan para maging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa isang pahayag, ipinabatid ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, na ang "mababagsik na pag-atake ng kaaway laban sa mga komunidad at organisasyon [ng masa] ay lalong gumagatong sa kanilang galit laban sa mga pasista, at sa mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila."

"Determinado ang mamamayang Pilipino na magkaisa at lumaban para wakasan ang tiraniko, korap at tutang rehimen ni Duterte, na sa nagdaang mga taon ay nagsadlak sa kanila sa matinding pagdurusa at kahirapan," dagdag ni Valbuena.

## Mag-asawang kasapi ng Anakpawis, pinaslang sa Sorsogon

Enero 17, 2022

Binaril at napaslang ang mag-asawang sina Silvestre Fortades Jr. at Rose Marie Galias, parehong kasapi ng

Anakpawis Partylist, progresibong partido ng mga magsasaka at maralita, sa Barangay San Vicente, Barcelona, Sorsogon noong Enero 15. Ang mag-asawa ay kasapi rin ng Samahan ng mga Magsasaka sa Sorsogon.

Sila ay nagtitinda ng kanilang gulay at mga produkto nang pinaputukan ng dalawang armadong lalaki na nakasakay sa motor. Sila ang ika-346 at 347 magsasakang pinaslang sa panahon ni Duterte ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Kabilang ang mag-asawa sa pinakahuling mga biktima ng karahasan at panggigipit na naranasan ng mamamayan ng bayan ng Barcelona. Isang buwan bago nito, Disyembre 9, 2021, inaresto sa Barangay Sta. Lourdes si Vicente Laguidao, isang karpentero, matapos paratangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Ikinulong siya sa gawa-gawang mga kasong isinampa ng mga sundalo.

Gayundin, tinangkang paslangin ng mga sundalo ang magsasakang si Kenneth Escullar noong Nobyembre 24, 2021 sa kanyang tahanan sa Barangay Sta. Lourdes. Natutulog siya sa balkonahe ng kanyang bahay nang lapitan siya ng mga nag-ooperasyong sundalo. Pinutukan siya ng mga sundalo pero nakaligtas nang magising at tumakbo sa takot. Bago nito, binugbog at ninakawan naman ng mga alagang manok si Joey Escurrel isang magsasaka, may kapansanan sa pag-iisip at residente ng Bgry. Olandia.

Ayon kay Marco Valbuena, Chief Information Officer ng Partido Komunista ng Pilipinas sa isang pahayag noong Enero 16, ang ganitong walang pakundangang mga atake laban sa mga komunidad at organisasyon para patahimikin ang mamamayan ay lalo lamang nag-uudyok ng ibayong galit sa mga pasista, mapang-api at mapagsamantala.

## Panukalang mandatory military service ni Sara Duterte, binatikos

Enero 20, 2022

Inulan ng batikas ang pahayag ni Sara Duterte-Carpio na kung mananalo siya bilang bise presidente, itutulak niya na gawing rekisito sa lahat ng kabataang Pilipino na magsilbi sa militar. Sa isang panayam noong Enero 19, sinabi ni Duterte-Carpio na hindi lamang ROTC (Reserved Officers Training Course) ang itutulak niya kundi ang pagpasok mismo ng kabataan sa Armed Forces of the Philippines.

Bumaha sa social media ang batikos, laluna mula sa kabataan. Sinariwa nila ang kaso ni Mark Welson Chua, ang mag-aaral ng University of Sto. Tomas na nasawi sa kamay ng mga upisyal sa ROTC ng unibersidad noong 2001. Pinatay si Chua matapos ilantad niya at kapwa kadete na si Romulo Yumul noon ang mga iregularidad sa programa at pang-aabuso ng mga upisyal sa mga kadete.

Para sa grupong Karapatan, marami nang kaso ng tortyur, iligal na pag-aresto at detensyon, at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao na isinasagawa sa ngalan ng "pagsasanay" ng kabataan. "Labag ito sa sibil at pampulitikang karapatan gaya ng karapatan malayang pag-iisip, paniniwala laluna kung sapilitan kang pinagserbisyo para sa di-makatwirang digma o panunupil ng estado," ayon kay Cristina Palabay, pagkalahatang kalihim ng grupo.

Ayon naman kay Marco Valbuena, chief information officer ng PKP, ipinakikita lamang ng panukalang ito ni Duterte-Carpio ang kanyang pasistang pag-iisip. Wala itong layunin kundi ang gawing bulag na tagasunod sa pasistang kaayusan ang kabataang Pilipino. Hihimok lamang ito sa mas maraming kabataan na itaguyod ang diwa ng paghihimagsik.

“Lalabanan ng mga kabataan ang mga ambisyon ng mga itong hangad na maging diktador,” pagwawakas ni Valbuena.

## Mga namatay sa tuberkulosis, dumami sa panahon ng pandemya

Enero 20, 2022

Tumaas ang bilang ng mga namatay sa sakit na tuberkulosis (TB) noong 2020 — pinakamataas sa nakaraang sampung taon — dahil sa pagkatigil ng mga batayang serbisyong pangkalusugan sa panahon ng pandemya. Kasunod ang TB sa Covid-19 sa mga nakahahawang sakit na sanhi ng pinakamaraming namatay tao sa buong mundo noong 2020. Umabot sa 1.5 milyon katao ang namatay dahil dito.

Sa panahon ring ito, bumaba ang bilang ng mga kasong nadayagnos at sa gayon ay hindi nagamot. Mula 7.1 milyong naiulat na kaso noong 2019, nasa 5.8 milyon na lamang ang nadayagnos noong 2020. Napakababa nito kumpara sa 10 milyon na tinatayang mahahawa ng sakit para sa taon. Sa taya ng WHO, aabot sa 4.1 milyon ang di nadayagnos at kung hindi magagamot ay nanganganib na mamamatay.

Bumaba din ang bilang ng mga may TB na nagpagamot nang 21%.

Ayon sa World Health Organization, mayor na dahilan ng pagbaba ng naiulat na mga kaso ng TB ang paggamit ng maraming estado sa mga rekurso para sa pagsugpo nito tungo sa pag-apula ng Covid-19. Malaking dahilan din ang pahirap na mga lockdown na pumigil sa maraming mamamayan na makatamasa ng batayang mga serbisyong pangkalusugan.

Sa buong mundo, isa ang Pilipinas sa may pinakamataas na bilang ng kasong hindi naiulat. Pinamakataas ang tantos ng mga kasong di naulat sa India (41%), Indonesia (14%), Pilipinas (12%) at China (8%). Isa rin ang Pilipinas sa 30 bansa na may pinakamaraming namatay sa TB.

## Pinakamabagal sa ASEAN ang pagbangon ng ekonomya ng Pilipinas

Enero 21, 2022

Nananatiling lugmok ang ekonomya ng Pilipinas at mabagal ang pagbangon ng bansa. Sa pinakahuling taya ng Asian Development Bank na inilabas noong Enero 20, sa limang bansa sa Southeast Asia, pinakamalaki ang agwat sa pagitan ng paglago ng ekonomya sa Pilipinas sa ilalim ng pandemya kumpara sa abereyds na paglago nito bago ang pandemya.

Sa kalkulasyon ng institusyon, mas mababa nang 16.1% ang magiging output level ng Pilipinas at 16.4% na mas maliit ang magiging gross domestic product nito sa 2021 kumpara sa antas na inabot nito bago ang pandemya. Bagamat mababagal rin ang paglago ng karatig nitong mga bansa, mas makitid na ang agwat ng dati at kasalukuyang tantos ng paglago ng mga ito. Ang agwat ng paglago ng Indonesia bago at sa ilalim ng pandemya ay nasa 9.1%, ang Malaysia 11.3%, Singapore, 8.9% at ang Thailand, 11.4%.

Tinukoy ng ADB, kasama ang Moody's Analytics, na salik sa mabagal na pagbangon ang pagpalo ng bilang ng mga kaso ng impeksyon na dulot ng baryant ng Omicron at ang mga risgo nito sa dati nang mahinang sistemang pangkalusugan ng bansa.

Bagamat apektado ang lahat ng mga bansa sa Asia ng naturang baryant, isa ang Pilipinas sa dumaranas ng pinakamatatarik na paglaki ng bilang ng mga nahawa. Liban sa mahinang sistemang pangkalusugan, pinakamabagal ang tantos ng pagbabakuna sa basa.

Ayon sa ADB, nasa 6.4% kada taon ang paglago ng gross domestic product (GDP) ng bansa mula 2009 hanggang 2019. Matapos ang pagbagsak ng GDP nito nang 9.5% noong 2020, tinatayang lalago lamang nang 5.1% sa 2021 at 6% sa 2022 ang ekonomya ng Pilipinas.

Gayunpaman, kahit bago pa magpandemya, pababa na ang tantos ng paglago ng gross domestic product ng bansa sa nakaraang anim na taon. Mula sa 7.1% noong 2016, nasa 6.9 percent ito sa 2017; 6.3 sa 2018; at 6.1% sa 2019. Pagpalo ng pandemya, bumagsak nang 9.6% ang paglago ng bansa, pinakamatarik sa South East Asia.

## Solano 3 lumaya na, kasong illegal possession of explosives ibinasura

Enero 21, 2022

Isa pang gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms and explosives ang ibinasura ng korte nitong buwan. Ipinag-utos noong Enero 3 ng RTC Branch 27 Bayombong, Nueva Vizcaya ang gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista at magsasakang sina Francis Esponilla, Romar Busania at Michael Gatchalian.

Arbitraryong inaresto ang tatlo sa isang tsekpoynt noong Mayo 2015 sa Diadi, Nueva Vizcaya matapos magpakita ng ID na patunay na mga myembro sila ng partidong Bayan

Muna. Mga kasapi din sila ng Timpuyog Dagiti Mannalon iti Quirino. Pitong taon silang di makatarungang ipiniit.

Pinagpugayan naman ng Taripnong Cagayan Valley ang katatagan ng tatlong aktibista at ang mga kasapi ng National Union of People's Lawyers sa Nueva Vizcaya.

## Manggagawang sa paggawaan ng damit sa Cebu, nagprotesta

Enero 21, 2022

Nagpiket ngayong araw, Enero 21, ang mga manggagawa ng Christine International Philippines Inc., pagawaan ng damit, sa harap ng kanilang pabrika sa Lahug, Cebu City para igiit ang pagbabalik sa kanila sa trabaho. Iligal silang sinisante noong Nobyembre 2021.

Sa pangunguna ng Nagkahiusang Trabahante sa Christine (NTC), iginiit ng mga manggagawa sa kumpanya at Department of Labor and Employment (DOLE) na ibalik sila dahil walang batayan ang pagsisante sa kanila.

Pinadalhan ng memorandum ang 27 manggagawa ng kumpanya noong Nobyembre 15, 2021 na nagsasaad na tatanggalin sila sa trabaho dahil umano sa "mabagal na benta at demand para sa produkto" ng kumpanya na dulot ng pandemya. Tuluyan silang sinipa sa trabaho noong Disyembre 16, 2021.

Pero ayon sa mga manggagawa, hindi pa napatutunayan ng kumpanya na bumaba nga ang kita nito. Sa gayon, iligal ang pagtatanggal sa kanila sa ilalim ng Labor Code of the Philippines. "Iginigiit namin na kagyat kaming ibalik sa dating pusisyon nang hindi nawawala ang aming seniority

rights at benepisyo," ayon sa sulat ng organisasyon sa kumpanya noong Enero 14.

Simula Enero 13 ay araw-araw na bumabalik sa pabrika ang mga tinanggal na manggagawa para magtrabaho ngunit paulit-ulit silang pinaaalis. Nagsumite rin ang mga manggagawa ng ikalawang sulat sa maneydsment ng kumpanya ngunit hindi ito tinanggap. Sinabi rin ng kumpanya na haharapin sila ng isang kinatawan nito noong Enero 19 pero hindi sila sinipot.

Ang piket ng mga manggagawa ngayong araw ay kasabay ng paghihintay sa tugon ng DOLE at pagtulak sa National Labor Relations Commission na gumawa ng hakbang kaugnay ng kanilang kaso.

Ang kumpanyang Christine International Philippines ay una nang inireklamo sa DOLE Region VII kaugnay ng hindi makatarungang benepisyo at kontraktwalisasyon noong 2017. Naipanalo ang kaso noong taong iyon at ipinagkaloob ang kumpensasyon sa mga manggagawa.

Tinatayang may 200 manggagawa ang kumpanya sa kasalukuyan. Ang kumpanya ay 38 taon ng nag-oopereyt at pag-aari ni Norma Uysiuseng.

## Dalagita sa Quezon, iligal na dinitine at ginahasa ng mga sundalo ng 59th IB

Enero 23, 2022

Isinapubliko ng Gabriela Southern Tagalog noong Enero 21 ang kaso ni Belle, isang 15-anyos na batang babae, na biktima ng panggigipit, iligal na detensyon at panggagahasa ng militar sa prubinsya ng Quezon.

Sa isinagawang press conference ng Gabriela-ST, dinetalye ni Belle ang pagdukot at iligal na detensyon sa kanya mula Hulyo 27, 2020 hanggang Agosto 13. Aniya, galing lamang siya sa isang tindahan nang harangin ng 59th IB at pinilit na isakay sa van na kulay puti. Matapos tanggalin ang kanyang piring nakita niyang may pitong sundalo na dumukot sa kanya. Ikinulong sa isang kwarto sa loob ng isang kampo ng 59th IB sa Quezon.

Dito, dumanas siya ng matinding abusong pisikal, interogasyon at pagbabanta. Ipinalalahad sa kanya ang mga aktibidad umano ng mga rebelde sa kanilang komunidad. Pinaaamin rin sa kanya na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kanyang magulang. Habang nasa kustodiya ng militar, paulit-ulit siyang ginahasa ng dalawang suspek. Isa sa kanila ay kinilala niyang si Leoven Julita, isang elemento ng CAFGU.

Matapos ang detensyon sa kampo militar, dinala at ikinulong naman siya sa tanggapan ng Department of Social Welfare and Development sa Lopez, Quezon at sa bahay ng isang pulis bago siya pinalaya.

Ayon kay Belle, "nagmamakaawa ako sa DSWD na pakawalan ako pero pilit nila akong pinapirma ng pahayag na boluntaryo akong pumunta doon at na ayoko nang umuwi. Nakasulat din sa salaysay na NPA ang magulang ko. Labag ito sa aking kalooban." Binantaan din siya ng DSWD-Lopez na manahimik na lamang at kung hindi ay papatayin siya at kanyang pamilya ng mga sundalo.

Dagdag pa ni Belle, matapos ang kanyang dinanas, ay patuloy pa ring dinarahas ang kanyang pamilya sa kabila ng kanilang pananahimik. Ito na rin ang nagkumbinsi sa kanyang sampahan ng kaso ang mga sundalo.

Lumapit ang mag-anak sa Gabriela para magpatulong ng pagsasampa ng kaso. “Naglakas-loob kami na dumulog sa Gabriela kasi alam kong sila ang makakatulong sa amin,” ayon sa ina ni Belle na si Nanay Ofel. “Bilang ina, ang sakit na nararamdaman ng anak ko ay nararamdaman ko rin. Hindi ko alam paano na kami, hindi na kami makauwi sa bahay. Hindi na makapag-aral si Belle, takot siya na dukutin siya ulit.” Si Nanay Ofel ay myembro ng CLAIM, isang grupo ng mga magniniyog sa Quezon na naggigiit sa kanilang karapatan sa coco levy fund. Dahil sa kanyang aktibong paglahok sa organisasyon, tuluy-tuloy siyang ginipit ng mga sundalo.

“Tumambay sila sa bahay namin. Pinipilit akong umamin na NPA daw ako. ANg nais ko lang naman ay pag-isahin ang mga magniniyog at magsasaka para maayos ang aming buhay,” ani Nanay Ofel. “Pinaratangan kaming may baril, pinagbibintangan kami. Pilit na pinapasuko kami. Pero ang pinkaamasahol ay ang ginawa nila sa aking anak. Kaya nananawagan kami ng hustisya.”

Kinasuhan na ni Belle at kanyang pamilya ang CAFGU na si Julita at iba pang upisyal ng AFP ng panggagahasa, illegal detention with rape, violence against women and children. Kabilang din sa kanyang sinampahan si Arnil Abrinillo, kasamahan ni Julita, ng kidnapping at serious illegal detention, mga magulang ni Julita na sina Leonita at Vilma Julita at Desiree Salamat ng DSWD-Lopez.

Ayon kay Shirely Songalia ng Gabriela Southern Tagalog, lahat ng sangkot sa krimen ay dapat mapanagot. Ang kaso ni Belle ay patunay sa matinding mga paglabag sa karapatang-tao sa Quezon at pinalala ng NTF-ELCAC at whole-of-nation approach ng rehimen.

Ayon kay Joms Salvador ng Gabriela Philippines, ang pang-aabusong sekswal ay bahagi ng estratehiyang pulitikal-militar, kung saan ginagamit ang panggagahasa bilang porma ng pagtortyur at terorismo. “Ang panggagahasa ay isang pulitikal na problema,” aniya, “sistematiko ito at nakaugat sa kontra-insurhensya.”

Aniya, nagiging breeding ground ng red-tagging at pagpapasuko ang counter-insurgency, na ngayon ay ikinukumpas ng NTF-Elcac. Maraming nagyari sa Southern Luzon dulot nito, dagdag ni Salvador. “May kaso ng gang rape, kidnapping.”

Mayroong 559 kaso ng paglabag sa kababaihan ang mga elemento ng AFP, PNP at Philippine Navy ayon sa datos ng Department of National Defense. Sa lahat ng kasong ito, 439 na umano ang resolbado pero ang katotohanan, wala ni sinuman sa mga suspek ang napurusahan.

## 10 katutubong Mangyan, dinukot ng 2nd ID

Enero 23, 2022

Sampung katutubong Mangyan na mga residente ng Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro ang dalawang buwan nang iligal na ikinukulong 2nd ID, ayon sa ulat ng National Democratic Front-Southern Tagalog. Ayon sa pamilya ng sampu, hindi na nila nakita o nakontak man lamang ang kanilang mga kamag-anak matapos silang ipatawag ng 203rd Brigade noong Nobyembre 2021.

Sa ulat ng NDF-ST, dalawang beses na ipinatawag ng mga sundalo ang sampu bago sila nawala. Inutusan silang magdala ng damit sa pangalawang patawag at mula noon ay

hindi na pinauwi. Hindi alam ng mga kamag-anak kung saan sila dinala.

Lumapit sa barangay ang mga kapamilya para humingi ng tulong pero hindi sila pinakinggan. Ayon sa NDF-ST, inabutan pa ng upisyal ng barangay ng ilang libong piso ang asawa ng isa sa mga biktima para manahimik at tumigil na sa paghahapag ng reklamo.

Tinatayang sapilitang dinala ang mga biktima sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal na headquarters ng 2nd ID para sanayin maging CAFGU. Sa mensaheng naipadala ng isa sa mga dinukot na katutubo sa kanyang pamilya, sinabi niyang "huwag nang pumayag na may sumunod pa sa kanila" dahil tiyak na pahihirapan din ang mga ito.

Matagal nang pokus ng mga operasyong kombat, saywar at pandarahas ang Barangay Monteclaro ng mga sundalo ng AFP. Noon ding Nobyembre 29, 2021, sa isa sa mga operasyong kombat ng mga sundalo, apat na Mangyan-Batangan at Alangan ang iligal na dinakip habang namamasko sa mga kaibigan at kakilala nila sa kapatagan ng Occidental Mindoro.

Sapilitang dinala ang apat sa kampo sa Sityo Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose at doon binugbog ng mga elemento ng 4th IB. Nasugatan sa leeg ang isa dulot ng pambubugbog ng mga sundalo.

Noon namang Abril 2019, hindi bababa sa 1,000 pamilya ang nagbakwit sa mga komunidad sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro at Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro matapos apat na araw na bombahin at ratratin ang kanilang mga barangay.

Giit ng ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDF-ST, "dapat kasuhan at panagutin ang mga berdugong militar sa

pagdukot at iligal na pagdedetine at sapilitang rekrutment sa CAFGU sa higit 10 katutubo kasabay ng patuloy na pananakot sa kanilang mga pamilya at komunidad." Hamon niya rin na dapat likhain ang isang malakas na kilusang masa para ipagtanggol ang karapatan ng mga katutubong Mangyan.

## Hustisya at lupa, sigaw ng magsasaka sa ika-35 anibersaryo ng masaker sa Mendiola

Enero 23, 2022

Sa ika-35 anibersaryo ng brutal na Mendiola Massacre, pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang paggigiit ng hustisya para sa 13 biktima ng pamamaril ng mga sundalo at pulis noong Enero 22, 1987 sa ilalim ng rehimeng Cory Aquino. Noong araw na iyon, sinalubong ng pamamaril ang mapayapang protesta ng mga magsasaka para sa lupa at repormang agraryo Tulay ng Mendiola sa Maynila.

Inilunsad kahapon ng mga organisasyon sa ilalim ng KMP ang mga protesta at piket para sa hustisya at tunay na reporma sa lupa.

Sa Cavite, nagkaraban ang mga mangingisda, magsasaka at manggagawa mula Dasmarinas tungong Barangay Patungan, Maragondon kung saan nilabanan ng mga residente ang demolisyon ng mga mangangamkam ng lupa noong nakaraang linggo.

Pinangunahan ng Pamanggas, lokal na balangay ng KMP, ang nagmartsa sa syudad ng Iloilo. Samantala, nagpiket ang mga mangingisda't magsasaka sa syudad ng Roxas sa Capiz. Naglunsad naman ng isang protestang candle lighting ang

ilang komunidad sa syudad ng Maynila sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan-Manila.

Isang araw bago nito, nagmartsa ang mga magsasakang kasapi ng KMP-Negros tungo sa upisina ng Department of Agrarian Reform sa Bacolod City. Kasabay ng panawagang hustisya sa mga biktima ng masaker sa Mendiola, ipinanawagan ng grupo ang hustisya para kay Alexander Ceballos, ang pinakaunang magsasakang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang ng rehimeng US-Duterte. Pinaslang si Ceballos noong Enero 20, 2017.

Umaabot na sa 347 ang kabuuang bilang ng mga magsasakang pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte. Tigmak ng dugo ang kanayunan habang nananatiling walang lupa ang mga magsasaka. Ayon sa KMP, sa ilalim ng rehimeng Duterte, pinalala pa ang Comprehensive Agrarian Reform Program, na pinairal ng rehimeng Cory Aquino. "Pinadali ang kumbersyon sa lupa. Pwersahang winatak-watak ang mga kolektibong sakahan," dagdag pa ng grupo.

Lantaran din umanong pinaburan ng rehimeng Duterte ang mga imported na produktong agrikultural - bigas, karneng baboy, galunggong, at iba pa. Ang pagpapadali sa pagpasok ng imported ay nagpalala rin sa problema sa smuggled na mga produkto.

Samantala, nagpabatid ng suporta ang National Network of Agrarian Reform Advocates-Youth (NNARA-Youth) sa paglaban ng sektor para sa hustisya. Ipinanata ng grupo na tinatanggap nila ang hamon na patuloy na makiisa sa laban ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa.

"Nananawagan kami sa kabataang Pilipino na ipagpatuloy ang legsiya ng mga martir ng Masaker sa Mendiola at isulong

ang paglaban sa mga tiraniko at pasistang rehimen, gamit ang mga balota at ang lansangan," dagdag pa ng grupo.

Nakiisa rin sa panawagang hustisya at lupa ang Commission on Human Rights at International Coalition for Human Rights for the Philippines.

## Di pagsipot ni Marcos sa debate ng mga kandidato, umani ng batikos

Enero 23, 2022

Kabi-kabila ang batikos kay Ferdinand Marcos Jr matapos niyang tanggihan ang paanyaya sa kanya ng isang network sa telebisyon na lumahok sa isang panayam, kasabay ng lima pang kandidato pagkapresidente. Isinahimpapawid ang naturang programa ng GMA-7, na pinangunahan ng mamamahayag na si Jessica Soho, noong hapon ng Enero 22.

Sa araw na iyon, nag-trend sa Twitter ang #MarcosDuwag. Ilampunglibong beses din ibinahagi ng mga netizen ang isang panayam kay Marcos Jr noong 2016 kung saan hindi niya masagot ang mga tanong ni Soho kaugnay sa nakaw na yaman ng kanyang pamilya at mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng diktadurang Marcos.

"Ang kaya lang ni Junior ay KBL (Kasal, Binyag, Lamierda) pero HIDE (Hearing, Interview, Debate at Explanation ng Platform), ang laking duwag!" pagkutya ni Bayan Muna Rep. Carlos Zarate.

"Maraming dapat ipaliwanag si Marcos Jr. kaugnay sa papel niya sa madugong batas militar ng tatay niya, sa pagnakaw nila ng bilyun-bilyong dolyar mula sa bayan, at kung ano ang mga plano niya sa bansa," ani Rep. Ferdinand Gaite sa isang pahayag.

Hindi rin tama ang pagdadahilan ng mga abugado ni Marcos na "biased" si Soho kaya hindi sumipot si Marcos Jr sa kanyang programa. "Ang mga mamamahayag na nagtatanong ng mahihirap na tanong ay hindi biased," ayon kay Danilo Arao, propesor ng journalism sa University of the Philippines at pinuno ng grupong Kontra-Daya. "Ang mga totoong 'biased' ay yung mga mamamahayag na nakikipagsalamuha sa mayayaman at makapangyarihan matapos sila magtanong ng malalamyang tanong."

## Presyo ng langis, patuloy na pumapaimbulog

Enero 25, 2022

Walang awat pa rin ang pagpaimbulog ng presyo ng mga produktong petrolyo na noong nakaraang taon pa sumisirit. Muling itinaas ngayong araw ng mga kumpanya ng langis ang gasolina nang ₱1.45 kada litro, diesel nang ₱1.90 at kerosene nang ₱1.70 kada litro.

Ito na ang pang-apat na magkasunod na linggo na tumaas ang presyo ng langis. Magkasabay na inianunsyo kahapon ng mga kumpanyang Caltex, Cleanfuel, Petro Gazz, Petron, Seaoil at Shell ang magkakaparehong dagdag-presyo.

Ngayong taon, tumaas na nang ₱4.95 kada litro ang gasolina, ₱7.2 ang diesel at ₱6.7 kada litro ang kerosene. Idinadahilan ng mga kumpanya ng langis ang pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan.

Sa ibayong dagat, tumaas ang bilihan ng krudong langis nang 1.5%, mula $86.48 kada bariles tungong $87.50 kada bariles noong Enero 22. Mayorya ng inaangkat ng Pilipinas ay pinroseso nang mga produktong petrolyo mula sa China at mga multinasyunal na kumpanya ng langis. Limitado lamang

sa isang kumpanya ang kapasidad sa pagrerepina sa Pilipinas.

Bagamat madalas na idinadahilan ng mga kumpanya ang pagtaas-baba ng presyo ng krudong langis, hindi isinasapubliko ng mga ito ang pormula kung paano sinasalamin ng lokal na mga presyo ang pagtaas ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Alinsunod sa batas, obligado rin ang mga lokal na kumpanya ng langis na magmantine ng imbentaryo ng naproseso nang langis na sasapat sa 15 araw.

Noon pang nakaraang taon walang awat na tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo sa bansa. Sa 2021, ang netong itinaas ng gasolina ay umabot sa ₱17.65 kada litro, ang diesel sa ₱14.30 kada litro at ang kerosene sa ₱11.54 kada litro.

## Peke ang "local peace talks" — Ka Joma

Enero 25, 2022

"Peke" ang localized peace talks na ipatutupad ni Lacson kapag siya ang manalo sa darating na halalang pampresidente, ayon kay Prof. Jose Ma. Sison, Chief Political Consultant ng National Democratic Front of the Philippines. Ito ang tugon ni Ka Joma sa panibagong buladas ni Sen. Panfilo "Ping" Lacson, retiradong pulis at kandidato sa pagkapangulo, na "local peace talks" sa rebolusyonaryong kilusan.

Ani Ka Joma, hindi makapaglilinlang sa mamamayan ang huwad na kapayapaan ni Lacson.

Dati nang itinutulak ni Lacson ang localized peace talks bilang nakaupong tagapangulo ng Senate Committee on

National Defense and Security. Aktibo rin itong itinutulak ni Rodrigo Duterte at kanyang anak na tumatakbong pagkabise-presidente na si Sara Duterte-Carpio. Sa Davao City, kunwa'y ipinatutupad ito ni Duterte-Carpio sa pamamagitan ng pasista, maka-dayuhan at pahirap na mga "planong pangkaunlaran" tulad ng Peace 911 sa Paquibato District.

Ayon kay Prof. Sison, ang tinatawag na local peace talks ay ipaiilalim sa kontrol at sarbeylans ng militar at pulis ng reaksyunaryong gubyerno. Inihalintulad niya ang pagpapatupad nito sa Oplan Tokhang kung saan ang mga nasa listahan ng mga "surenderi" ay madali na lamang patayin anumang oras" dahil sa pamamagitan nito nakukubra ng mga upisyal ng militar at pulis ang mas matataas na pabuya.

Nauna nang ipinahayag ni Prof. Sison na doble ang kikbak ng militar at sundalo sa ganitong kaayusan. Ayon sa kanya, ang mga inilistang surrenderee ay maaari pang akusahan ng rehimen na bumalik sa rebolusyonaryong kilusan matapos gamitin ng militar sa kanilang mga operasyon laban sa kilusan.

Ayon kay Ka Joma, "ang sinasabing local peace talks ay may mahaban na ang kasaysayan kumpara sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng mga awtorisadong kinatawan ng GRP at NDFP sa pinakamataas na antas."

Tinukoy niya na hanggang bago nagbukas ang pormal na usapan sa pagitan ng GRP at NDFP noong 1995 sa Belgium, ipinatutupad noon ng National Unification Commission sa pamumuno ng yumaong si Commissioner Haydee Yorac noong 1992.

"Lahat ng mga rehimen pagkatapos sa rehimen ni Ramos ay nagkunwaring nakikipagnegosasyon nang tatlo hanggang anim na buwan bago bibigay sa presure ng mga maka-gera sa US at mga papet nila sa DND at AFP," aniya.

"Mas mahaba rin ang kasaysayan ng pagkabigo ng (localized peace talks) na linlangin ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan, taliwas sa pinalalabas ni Duterte at iba pang reaksyunaryong tulad niya," dagdag ni Sison.

## 2-araw na welga ng mga manininda sa Cebu, inilunsad

Enero 26, 2022

Higit isandaang manininda ng Carbon Market at kanilang mga tagasuporta ang naglunsad ng 2-araw na welga, mula Enero 24 hanggang 25, sa palengke sa Cebu City para tutulan ang pakanang pribatisasyon dito. Nanawagan sila sa lokal na gubyerno ng Cebu City at Megawide Corporation na dinggin ang kanilang hinaing na ihinto ang pribatisasyon. Pinamunuan ang sama-samang pagkilos ng Movement Against Carbon Market Privatization at Carbon-hanong Alyansa. Noon pang Enero 2021 unang inihapag ng lokal na gubyerno ang planong pribatisasyon ng palengke.

Ikinasa ng mga manininda ang dalawang araw na tigil-tinda sa Carbon Market para kundenahin ang sapilitang pagpapasara sa kanilang mga pwesto upang ilipat umano sa Unit II ng "modernisadong" bagong palengke na itinayo ng Megawide Construction Corporation at lokal na gubyerno ng Cebu City.

Ayon sa mga manininda, hindi pa tapos ang naturang mga gusali at wala pa umanong mapagkukunan ng tubig, mga

banyo at iba pang pangangailangan. Tinakot pa ang mga manininda na kung hindi kusang isasara ang mga pwesto sa lumang palengke ay hindi bibibyan ng espasyo sa bagong itinayong mga gusali.

Bago magsimula ang strike, naglunsad ng programa ang mga manininda kung saan nagbigay ng mga talumpati ang mga lider-manininda, mga tagasuporta, mga maralitang komunidad na maapektuhan ng pribatisasyon at organisasyong kabataan na naninindigan kasama nila. Nagpaskil ng mga panawagang ‘we are on strike’ sa mga pwesto sa palengke. Ang ilan sa mga nakapaskil ay tinanggal ng mga tauhan ng lokal na gubyerno.

Nagpaabot ng suporta sa laban ng mga manininda ang National Union of Students of the Philippines-Cebu at mga organisasyon mula sa University of the Philippines-Cebu at University of San Carlos.

Gayundin, isinaad ni Ikit Crispe, residente ng Sityo Bato, Barangay Ermita, komunidad na mahahagit at mapapalayas ng mga proyekto ng Megawide, na malinaw na anti-mahirap ang naturang kumpanya. Dagdag niya na isang buwaya ang Megawide na hindi dapat tanggapin ng publiko lalo na ng mga manininda at residente ng Sityo Bato.

Kabilang sa 7.8 ektaryang lupa na nakapaloob sa proyekto na napirmahan sa Joint Venture Agreement ng lokal na gubyerno at Megawide ang aabot sa isang libo hanggang dalawang libong residente mula sa Barangay Ermita.

Samantala, noong Enero 26, dumating ang kinatawan ng Gabriela Women’s Party na si Rep. Arlene Brosas para magpaabot ng suporta sa laban ng manininda ng Carbon Market at residente ng Sityo Bato.

Matatandaang nagsumite ng isang resolusyon si Brosas sa Kongreso noong Hulyo 2021 para kwestyunin at paimbestigahan ang kontrobersyal na pribatisasyon ng naturang palengke.

## 107 patay, karamihan sibilyan, sa pambobomba ng Saudi sa Yemen

Enero 26, 2022

Hindi bababa sa 107 ang sibilyan at kasapi ng grupong Houthi ang namatay habang daan-daan ang sugatan sa serye ng walang patumanggang mga air strike ng koalisyong militar na pinangungunahan ng Saudi Arabia sa hilagang Yemen noong Enero 17 at 21. Direktang tinarget ng mga pag-atakeng ito ang matataong mga lugar sa bansa at mga sibilyang imprastruktura na tahasang paglabag sa internasyunal na mga alituntunin ng digmaan at internasyunal na makataong batas.

Ang mga opensiba ay palatandaan ng tumitinding armadong panghihimasok at panggegera ng imperyalismong US at Saudi Arabia sa digmang sibil sa bansang Yemen. Sinusuportahan ng US at Saudi Arabia ang naghaharing gubyerno na dominante sa katimugang bahagi ng bansa. Kasalukuyang hawak ng grupong Houthi, isang armadong kilusan ng etnikong grupo na nagmula sa Sa'ada na lumalaban sa pampulitika at pangmilitar na panghihimasok ng US, Israel at Saudi sa Yemen. Suportado ang Houthi ng gubyerno ng Iran.

Umabot na sa 87 sibilyan ang kumpirmadong napatay at 266 ang sugatan dulot ng air strike sa isang bilangguan sa Sa'ada noong Enero 21. Kalakhan ng mga biktima ay mga detenido. Marami pa ang nawawala at pinaniniwalaang namatay din.

Kasabay nito, binomba ng koalisyon ang sentro ng telekomunikasyon ng bansa sa syudad ng Hodeida na nagresulta sa malawakang pagkawala ng akses sa internet hanggang sa kasalukuyan at pagkamatay ng tatlong bata na noo'y naglalaro sa lugar.

Bago nito, 20 katao rin ang nasawi sa pambobomba ng koalisyon sa syudad Sanaa, kabisera ng Yemen noong Enero 17. Kalakhan ng mga biktima ay mga sibilyan. Tinarget sa pambobomba ang bahay ng lider ng Houthi na si Abdullah Qassim al-Junaid. Hindi bababa sa 14 ang napaslang sa bahay, kabilang ang kanyang asawa, anak at iba pang kaanak.

Kabilang sa bumatikos sa mga pag-atake sa Yemen ang United Nations (UN) Human Rights Office na nagsabing "labis na nakagugulat" ang "tumitinding pambobomba ng koalisyon sa mga matataong lugar." Pinaalalahanan ng UN ang nagtutunggaliang mga pwersa sa Yemen na labag sa mga internasyunal na makataong batas ang pagtarget sa mga sibilyan at mga imprastrukturang sibilyan. Sa isang pahayag na inilabas ng walong makataong organisasyon na nag-ooperasyon sa Yemen, tinawag ang pambobomba na "nakahihindik" at "lantarang pagsasawalam-bahala sa buhay ng mga sibilyan."

Pinalalabas ng Saudi na tugon umano ang mga opensibang ito ng drone strike na inilunsad ng Houthi sa isang pasilidad ng langis sa United Arab Emirates na nagresulta sa pagkamatay ng tatlong sibilyan at pagkasugat ng anim na iba pa.

Bahagi ang mga atake sa serye ng mga opensiba ng koalisyon na walang-habas na tumatarget sa mga sibilyan sa ngalan ng "kontra-terorismo." Ang naturang koalisyon ay binuo noong 2014 ng Saudi at US matapos sumiklab ang

digmaang sibil sa Yemen nang kontrolin ng groupong Houthi ang kalakhan ng mga lugar sa hilagang bahagi ng bansa para magtatag ng bagong gubyerno.

Bahagi ng koalisyon ng US at Saudi Arabia ang United Arab Emirates (UAE), Bahrain, Kuwait, Qatar, Egypt, Jordan at Sudan. Direktang sinusuportahan ng US at mga alyadong bansa ng koalisyon ang interbensyong militar ng Saudi sa Yemen sa pamamagitan ng direktang pagbibigay ng mga armas, pagdedeploy ng mga jet at drone. Sa kabuuan, umaabot na sa mahigit 100,000 sibilyan ang namatay sa Yemen dulot ng proxy war na ito.

## Mga frequency ng ABS-CBN, ipinanggantimpala sa mga tagasuporta at kroni ni Duterte

Enero 27, 2022

Matapos pagkaitan ng prangkisa, tinanggal na rin ng rehimeng Duterte ang pagkakataong makabalik ang dambuhalang network na ABS-CBN sa dati nitong broadcast frequency o daluyan sa ere. Inianunsyo ng National Telecommunications Commission (NTC) noong Enero 25 at 26 ang magkakasunod na paggawad nito sa apat na frequency ng network sa mga kilalang kroni at tagasuporta ni Rodrigo Duterte.

Sa gayon, kahit mabigyan ng panibagong prangkisa ang network ng susunod na kongreso, hindi na magagamit ng ABS-CBN ang dati nitong frequency. Noong mayroon pa itong brodkas, ang ABS-CBN ang may pinakamalawak na naaabot na tagapanood sa telebisyon. Hawak noon ng ABS-CBN ang mga frequency na Channel 2, 23 at 43.

Noong Enero 25, kinumpirma ng NTC na ibinigay nito sa Advanced Media Broadcasting System Inc, isang kumpanya na pagmamay-ari ng pamilyang Villar, ang karapatang magbrodkas gamit ang Channel 2 at Channel 16 "simula Enero 6, mula alas-7 ng umaga hanggang alas-10 ng gabi" hanggang isara ang mga analog na brodkast sa 2023 (o kung kailan makukumpleto ang paglipat ng mga signal tungong digital). Sa mga frequency na ito dating dumadaloy ang libreng brodkas ng ABS-CBN.

Sa sumunod na araw, inianunsyo naman ng NTC ang paggagawad sa Channel 23 sa Aliw Broadcasting Corp na pagmamay-ari ng dating ambasador na si Antonio Cabangon Chua, at ang Channel 43 sa Swara Sug Media Corporation ni Pastor Apollo Quiboloy. Dating napapanood sa Channel 23 ang ABS-CBN Sports and Action, samantalang ang Channel 43 ay ginamit nito para sa mga channel na TV+.

Sina Villar, Chua at Quibiloy ay mga tapat na tagasuporta ni Duterte. Dating tinangka ni Villar na makakuha ng prangkisa para mag-opereyt ng network pero nakuha ang pangatlong prangkisa ng Dito Telecommunications, isang kumpanya ni Dennis Uy, isa pang kroni ni Duterte. Si Chua ang may-ari ng istasyon ng radyo na DwIZ at pahayagang Business Mirror. Si Quiboloy ay may sariling istasyon ang Sunshine Media Network Inc at nagpapatakbo rin sa istasyon ng telebisyon ng "simbahan" nitong Kingdom of Jesus Christ.

"Walang kahiya-hiya," ang pagkundena ni Danilo Arao, propesor ng journalism sa University of the Philippines at kombinor ng grupong Kontra Daya sa pag-agaw ng mga Villar sa frequency ng ABS-CBN. "Gantimpala sa tagasuporta," naman ang tawag dito ni Rep. Carlos Zarate ng Bayan Muna.

Kabilang sa mga kongresista na bumoto para ipagkait sa ABS-CBN ang prangkisa sa network noong 2020 ang kongresistang si Camille Villar. Kabilang din sa pamilyang Villar ang undersecretary sa Department of Justice — ang ahensyang "pumasada" sa desisyon ng NTC at nag-apruba nito. Liban sa dalawang Villar, nakaupo bilang kalihim ng Department of Public Works and Highways si Mark Villar at kaalyado ni Duterte sa Senado si Cynthia Villar.

Pinahintulutan ng Kongreso at Senado, kung saan myembro ang dalawang Villar, na bilhin ng Planet Cable ang Advance Media noong Setyembre 2021. Ang Planet Cable ay pinatatakbo ni Paolo Villar, anak ni Cynthia Villar. Ang pinakapuno ng pamilya na si Manny Villar ay kilalang pinansyer ng mga kandidato ni Duterte at ni Duterte mismo.

Ang mga frequency sa ere ay itinuturing na pag-aari ng publiko, kung kaya't kinakailangan ng pahintulot ng kongreso ang paggamit ng mga ito. Ang pinakahuling paggawad ng frequency ay noong 2018 sa Dito Telecommunity, ang kumpanyang itinayo ng kroni ni Duterte na si Dennis Uy kasosyo ang China Telecom.

## Fact-finding mission sa Bulacan, pinaputukan ng mga maton ng pamilyang Araneta

Enero 28, 2022

Pinaputukan ng mga armadong maton ni Gregorio "Greggy" Araneta III noong Enero 28 ang mga kasapi ng Kilusang Magububukid ng Pilipinas at Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan-AMB na nagsasagawa ng imbestigasyon sa iligal na pagdemolis sa Lupang Teresa, Barangay San Roque, San Roque, San Jose del Monte, Bulacan. Ninakaw din ng mga

maton ang mga selpon, bag, pitaka at dalang relief goods na para sana sa mga pamilyang nawalan ng tahanan.

Naiulat noong Enero 26 na sinalakay ng mga maton ng Araneta Properties Inc. at winasak ang apat na kabahayan at mga pananim sa Lupang Teresa. Ninakaw rin ng mga maton ang mga selpon, pera at iba pang ari-arian ng mga magsasaka. Sinira rin pati ang kanilang mga sasakyan.

Ayon kay Cecil Rapiz, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan, nagpapakita ng kawalang-puso ng panginoong maylupa ang demolisyong naganap laluna sa gitna ng pagragasa ng baryant ng Covid-19 na Omicron.

Ani Rapiz, taong 2013 pa pinalalayas ang mga magsasaka sa kanilang lupang tinitirhan at binubungkal. Plano ng mga Araneta na magtayo ng pribadong subdibisyon sa kanilang mga sakahan. Winasak nito ang mga taniman ng gulay at prutas ng mga magsasaka. Nilagyan din nito ng harang ang daanan ng kanilang produkto noong Agosto 2021 at sinira ang kubo ng dalawang magsasaka noong Oktubre 2021.

Si Araneta ay asawa ni Irene Marcos, pangatlong anak ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr. at bayaw ng tumatakbong presidente na si Ferdinand Marcos Jr.

Samantala sa Negros Oriental, iligal na inaresto ng PNP-Sta. Catalina ang dalawang magsasaka na nag-aani ng kanilang tanim na niyog sa Sityo Baknit, Barangay Nagbinlod. Ayon sa ulat, madaling araw ng Enero 25 sumalakay ang kapulisan sa kanilang tinutulugang kubo at iligal na idinetine sa Sta. Catalina Police Station. Sina Polen Naderna at Christopher Solano ay mga residente ng Sitio Payawpayawan, Barangay Nagbinlod.

Nagpapatuloy ang operasyong militar sa Sta. Catalina mula Enero 20.

## Mga umaatakeng yunit ng AFP sa Agusan del Norte, hinaras ng BHB

Enero 28, 2022

Limang operasyong haras ang magkasunod na inilunsad ng mga yunit ng BHB-Agusan del Norte laban sa mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na lumusob sa Barangay Puting Bago, Cabadbaran City, Agusan del Norte mula gitnang linggo ng Disyembre 2021. Ito ay matapos nagbuhos ng mga tropa ng 29th IB at 65th IB, sakay ang 23 sasakayan, mula Disyembre 12 hanggang Disyembre 23 sa naturang barangay.

Magkasunod na operasyon ang isinagawa ng mga Pulang mandirigma noong Disyembre 15, alas-8 ng umaga; Disyembre 19, alas-10 ng umaga; Disyembre 20, alas-9 ng umaga; Disyembre 23, alas-11 ng umaga; at Disyembre 29, alas-12 ng tanghali, lahat noong 2021. Batay sa imbestigasyon, isang sundalo ang napatay. Walang kaswalti sa hanay ng mga Pulang mandirigma.

Kakambal ng mga operasyon ng kaaway ang mga paglabag sa karapatang-tao sa mga sibilyan sa mga baryong sinaklaw nito. Apektado ang kabuhayan ng mga residente matapos pagbawalan sila na pumunta sa kani-kanilang sakahan. Hindi makapangaso ang mga Lumad sa kagubatan at ginipit ang maliitang minero sa erya.

Tinatakot at ginigipit ng mga sundalo ang mga sibilyan. Walang patumangga silang nagpapaulan ng bala sa panahong nakapondo sila sa mga sityo. Nagdudulot ng matinding troma sa mamamayan ang pambobomba ng Philippine Airforce malapit sa mga komunidad at sakahan.

Mahigit tatlong buwan na ang malakihan at matagalang nakapokus na operasyong militar sa hangganan ng mga prubinsya ng Surigao del Norte, Surigao del Sur at Agusan del Norte sa rehiyon ng Northeastern Mindanao na sinimulan noong Oktubre 2021. Hibang na layunin ng operasyon ng kaaway na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa harap ng nalalapit na pagtatapos ng upisyal na termino ni Rodrigo Duterte sa Mayo 2022.

Ang inilulunsad na operasyon ay idinidirehe sa antas ng 4th Infantry Division na nilalahukan ng dalawang brigada at mga espesyal na pwersa ng militar. Kabilang dito ang 901st IBde kung saan nakapailalim ang mga nag-ooperasyong tropa ng 29th IB, 30th IB at 36th IB; 402nd IBde na sumasaklaw sa 65th IB; at Scout Ranger at Division Reconnaisance Company (DRC). Tinatayang aabot sa isang libo ang kabuuang bilang ng nag-ooperasyon sa mga kabundukan ng rehiyon. Gumagamit ang mga ito ng mga abanteng kagamitang pandigma tulad ng mga drone pangsarbeylans, attack helicopter, artileri at iba pa. (mula sa ulat ng Lingkawas)

## Panghihimasok sa kasong diskwalipikasyon ni Marcos Jr, ibinunyag

Enero 28, 2022

Ibinunyag ni Commissioner Rowena Guanzon ng Commission on Elections (Comelec) ang kanyang boto na nagdidiskwalipika sa kandidatura sa pagkapangulo ni Ferdinand Marcos Jr. Ayon kay Guanzon, napilitan siyang isapubliko ang kanyang boto dahil sa sobrang pagkaantala sa pagpapalabas ng desisyon.

Ang kanyang paghahayag ng kanyang boto ay ginawa kahapon sa isang pangunahing pahayagan at sa eksklusibong interbyu ng isang istasyon ng radyo. May hinala siyang may mga pulitikong maka-Marcos na gustong makisawsaw sa kasong diskwalipikasyon laban kay Ferdinand Marcos Jr.

Tumatakbo si Marcos Jr. sa pusisyong pagkapangulo sa eleksyong 2022. Katambal niya bilang bise-presidente ang anak ni Rodrigo Duterte na meyor ng Davao City na si Sara Duterte-Carpio.

Ayon kay Guanzon, hindi pwedeng tumakbo si Marcos Jr. sa anumang pusisyon sa halalan dahil napatunayan siya ng hukuman na nagkasala. Napatunayan siya ng isang Regional Trial Court sa Quezon City na hindi nagbayad ng kanyang buwis sa loob ng apat na taon (mula 1982 hanggang 1985) kung saan siya noon ang bise gubernador at bandang huli ay naging gubernador ng Ilocos Norte.

Bahagi si Commissioner Guanzon ng tatlo-kataong First Division ng Comelec na inatasang desisyunan ang kasong diskwalipikasyon laban kay Marcos Jr. na isinampa ni Bonifacio Ilagan ng Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (CARMMA) at ng dalawang pang grupo. Ang dalawang iba pang kasapi ng First Division ay sina Marlon Casquejo at Aimee Ferolino.

Napagkasunduan nila na ikonsolida sa iisang kaso ang tatlong magkahiwalay na kaso laban kay Marcos Jr. noong Enero 10. Inaasahang pagkatapos ng pitong araw ay magpapalabas na ang First Division ng kanilang pinagsanib na desisyon. Napili si Ferolino na maging ponente o tagasulat ng desisyon.

Ngunit lumipas ang pitong araw ay wala pa ring inilabas na desisyon ang First Division. Ayon kay Guanzon, walang komunikasyon mula kay Ferolino. Tinatawagan nila ni Casquejo si Ferolino pero hindi sila sinasagot. “Hindi naman siya nagkasakit ng Covid-19,” dagdag pa ni Guanzon.

Nagsususpetsa si Guanzon na may mga pulitikong maka-Marcos na gustong impluwensyahan ang desisyon ng kaso ni Marcos Jr. Malaking posibilidad ito dahil alam na nila ang tindig ni Guanzon sa nasabing kaso.

Normal na kalakaran na hindi ibinabahagi sa publiko ang pusisyon ng bawat kasapi ng Comelec sa mga kasong kanilang tinatalakay. Ngunit dahil sa labis na pagkaantala na walang namang balidong rason, hindi na napigilan ni Guanzon na ibunyag ang kanyang pusisyon sa naturang kaso.

Nahatulan si Marcos Jr. na mabilanggo ng apat na taon at inutusan ng korte na magbayad. Inaakyat niya ang kanyang kaso sa Court of Appeals (CA) at napabaligtad ang hatol na mabilanggo siya. Gayunman, pinagbabayad pa rin siya ng CA sa kanyang penalidad. Hindi siya nagbayad hanggang sa ngayon.

## Pastor na iligal na inaresto sa Zamboanga, nakalaya na

Enero 28, 2022

Ibinasura ng RTC Branch 11 of Sindangan, Zamboanga Del Norte noong Enero 26 ang gawa-gawang kaso laban kay Pastor Benjie Gomez, pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP).

Noong Hunyo 6, 2021 inaresto si Gomez habang nagmimisa sa UCCP Mutia, Zamboanga del Nore ng mga pulis. Sinampahan siya ng gawa-gawang kaso ni 1Lt. Arlene Quijano Palafox ng 10th Infantry Battalion kaugnay sa pagkapatay kay Cpl. Marwin Ybanez sa naganap na engkwentro sa pagitan ng AFP at New People's Army (NPA). Idinitine siya sa Leon Postigo Municipal Police Station.

Nauna na siyang inaresto noong Hulyo 2014, subalit ibinasura noong 2015 dahil sa kawalan ng ebidensya.

Tinarget si Gomez ng mga elemento ng AFP dahil sa kanyang pagtulong sa mga katutubong Lumad na Subanen. Ayon sa Karapatan, kasapi din siya ng grupong Dinteg, organisasyon na tumutuwang sa mga kasong ligal ng katutubo sa Cordillera.

Nagpasalamat ang pamilya ni Gomez at ang kanilang mga katrabaho sa simbahan sa lahat ng tumulong sa para siya mapalaya. Patuloy silang nananawagan para sa kaligtasan ni Pastor Benjie at kanyang pamilya na nananatiling nasa peligro dahil sa panggigipit ng estado.

## Pilipinas, ika-5 sa mga bansang pinakanakararanas ng kalamidad

Enero 28, 2022

Ang Pilipinas ang ika-5 sa mga bansang nakaranas ng pinakamapaminsalang mga natural na sakuna sa nakaraang mahigit 100 taon. Ito ay ayon sa isang pag-aaral ng Uswitch kaugnay sa epekto ng global warming sa mundo. Ang Uswitch ay isang komersyal na kumpanyang nagsasagawa ng mga pagkukumpara ng mga presyo ng mga produkto at serbisyo, Inilabas ang ulat noong Enero 12.

Sinaklaw ng pag-aaral ang 15,000 kalamidad mula 1902 hanggang 2021 at ipinagkumpara ayon sa 1) dami ng mamamayang naapektuhan, 2) bilang ng mga nasawi, 3) bilang ng mga sakuna at 4) halaga ng mga pinsala. Gamit ang mga kategoryang ito, pinakamataas ang naging epekto ng mga sakuna sa China, kasunod ang India, Bangladesh at US, bago ang Pilipinas, Indonesia, Iran at Pakistan. Nasa dulo sa 10 pinakaapektadong bansa ang Japan at Brazil.

Partikular sa Pilipinas, pinag-aralan ng Uswitch ang kabuuang 671 sakunang dumaan sa bansa sa nabanggit na panahon. Umabot sa 239 milyong mamamayan ang naapektuhan nito, kung saan 72,000 ang nasawi. Tinatayang umabot sa $43 bilyon ang halaga ng pinsalang idinulot ng mga ito. Kabilang sa mga sakuna ang mga pagputok ng bulkan, lindol, bagyo at mga pagbaha. Marami sa mga sakunang bagyo at pagbaha ay idinulot na ng unti-unting pagtaas ng temperatura ng mundo na nagpataas sa tubig sa karagatan at nagbunga ng matitinding pagbabago sa mga padron ng pag-ulan at dami ng pag-ulan.

## 5.6% na paglago ng ekonomya, panandalian at di ramdam ng mamamayan

Enero 29, 2022

Binatikos noong Enero 27 ng institusyong Ibon Foundation ang mga upisyal sa ekonomya ng rehimng Duterte sa labis na pagmamalaki sa sinasabing “paglago” ng gross domestic product (GDP) at pagmamaliit sa mga pangunahing problema ng ekonomya. Noong isang araw, ipinagmalaki ng mga upisyal ng gubyernong Duterte na “lumago” ang ekonomya ng bansa nang 5.6% para sa 2021.

“Mas maliit pa rin nang 4.5% ang ekonomya sa 2021 kumpara sa 2019 bago ipataw ng rehimen ang serye ng mga lockdown,” ayon sa institusyon. Anito, hindi maaaring ipagpawalambahala ng rehimen ang katotohanang ang pagbagsak ng ekonomya noong 2020 ay dulot ng pagkahumaling nito sa mga lockdown.

“Walang pagbabago o nasa istagnasyon ang lokal na ekonomya sa nakaraang tatlong taon. Ito ay dulot ng mahihigpit na lockdown na walang kaakibat na ayudang pampinansya na sana’y nagpataas sa kakayahan ng mga pamilya na makabili ng pangangailangan at umagapay sa krisis, at tumulong sa pagpapalutang sa maliliit hanggang katamtamang-laking mga negosyo.”

Malaking bahagi ng paglago sa taong 2021 ay tulak ng positibong mga datos sa sektor ng pagmamanupaktura at serbisyo sa huling kwarto ng taon. Pero mataas lamang ito kung ikukumpara sa mga datos sa ika-apat na kwarto at buong taon ng 2020 (-8.3% na pagkitid sa pang-apat na kwarto at -9.6% para sa buong 2020.)

Magiging panandalian lamang ang mabilis na paglagong ekonomya at malamang na maglalaho sa unang kwarto ng 2022, ayon sa Ibon.

Gayundin, dapat linawin ng gubyernong Duterte ang krisis sa trabaho, ayon sa Ibon, “Mas mataas pa rin nang 3.2 milyon ang bilang ng mga walang trabaho noong Nobyembre 2021 kumpara noong Enero 2020 bago rumagasa ang pandemya,” ayon sa institusyon. Ito ay kahit pa ibatay ang mga bilang sa mapanlinlang na estadistika ng gubyerno.

Pinakapansin ang pagpapalaki sa datos ng empleyo sa sektor ng agrikultura. Sa datos ng gubyerno, nagkaroon ng dagdag

na 1.5 milyong trabaho sa sektor kahit pa nagtala ito ng 1.7% na pagkitid sa buong taon. “Ibig sabihin, ang pinalobong laki ng lakas-paggawa sa sektor na ito ay naghahati-hati sa papaliit na output,” ayon sa institusyon.

Ganito rin ang sitwasyon sa kalakalang wholesale at retail. “Ayon sa datos ng gubyerno, nadagdagan ng 1.4 milyon ang mga nagtatrabaho rito, pero 4.3% lamang ang itinaas ng output ng sektor. Ibig sabihin, mas mababa ang tinatanggap ng bawat nagtatrabaho rito.”

Sa sektor naman ng pagmamanupaktura, ang sinasabing 3.4 milyong trabaho ay kulang pa rin ng 266,000 kung ikukumpara sa dami ng trabaho sa sektor bago magpandemya. Mas mabababa rin ang bilang ng mga nagtatrabaho sa sektor ng transportasyon at storage, accommodation at food service sa 2021 kumpara bago ang pandemya.

“Malayong pinaliit” ang bilang ng mga walang trabaho sa kabila ng ipinagmamalaking “pagbubukas” ng ekonomya. Impormal, mababa ang sahod at kita ang klase ng mga trabahong nalilikha sa panahon ng pandemya.

“Manhid ang mga upisyal sa ekonomya sa pagmamayabang na maabot ng bansa ang katayuang “upper-middle income” sa 2022 sa gitna ng kawalang trabaho, kahirapan at pagdurusa sa ekonomya,” pagtatapos ng Ibon.

Enero 29, 2022

Colmenares, inendorso ng 1Sambayan; Robredo, sinuportahan ng Makabayan

Pormal na nagdeklara ang 1Sambayan, isang koalisyon ng oposisyon sa pulitika, ng pagsuporta kay Atty. Neri Colmenares, dating kinatawan ng Bayan Muna Partylist at lider ng Koalisyong Makabayan, sa kanyang pagtakbo bilang senador sa darating na eleksyon sa Mayo 2022. Isinagawa ang pag-anunsyo kagabi. Kasabay nito, nagdeklara ang Makabayan ng pagsuporta sa pagtakbo ni Vice President Leni Robredo at Sentor Kiko Pangilinan bilang presidente at bise presidente.

“Masaya ako na nagbunga ang ating pagsisikap. Isang malaking karangalan sa akin na mapili bilang isa sa mga senatorial candidates ng 1Sambayan,” ayon kay Colmenares sa isang talumpati ng pagtanggap sa nominasyon. Idinagdag din nito na sa suporta ng 1Sambayan ay kayang-kaya nitong maging tapat na boses ng karaniwang tao sa Senado.

Inilahad ni Colmenares ang kanyang mga plataporma sakaling manalo sa pagka-senador. Aniya, isusulong ng Makabayan ang batas para sa libreng serbisyong pangkalusugan para gawing libre ang pagpapa-ospital sa lahat ng pampublikong ospital. Isusulong rin niya ang pagwawakas sa ENDO o end-of-contract at pagpapatupad ng isang pambansang minimum na sahod para sa mga manggagawa at tunay na repormang agraryo sa mga magsasaka.

Ang 1Sambayan ay nabuo noong Marso 2021 bilang koalisyong ng mga organisasyon at indibidwal na tutol sa paghahari ni Rodrigo Duterte na nagkakaisa sa layuning gapiin ang kanyang pangkatin sa 2022. Kabilang sa mga tagapagtatag nito si Ret. Supreme Court Justice Antonio Carpio.

Isang araw bago magsimula ang buong linggong pagsusumite ng mga papeles bilang kandidato sa eleksyong

2022, pinili ng koalisyong 1Sambayan bilang kandidato pagkapresidente ang kasalukuyang bise presidente na si Leni Robredo. Inanunsyo ito sa midya ni Retired Supreme Court Senior Associate Justice Antonio Carpio, isa sa mga convenor o tagapulong ng 1Sambayan, noong Setyembre 30.

Ayon kay Carpio ang desisyon ng 1Sambayan ay nakabatay sa mga sukatan tulad ng integridad, kakayahan, track record, patriyotismo, pananaw para sa bayan at ang posibilidad na mananalo. Nanguna si Robredo sa botohang isinagawa ng mga convenor ng 1Sambayan. Sa kabila ng mga pagkakaiba sa mga pananaw sa mga usaping panlipunan, pampulitika at relihiyon sa hanay ng mga kasapi ng 1Sambayan, nagkaisa silang dapat iisa lamang ang kandidato para sa presidente upang kalabanin ang sinumang magiging kandidato ng rehimeng Duterte.

Kasabay ng pagtanggap ni Colmenares sa nominasyon ng 1Sambayan kahapon, ipinabatid na rin nito at ng buong Koalisyong Makabayan ang pagsuporta sa kandidatura ni Robredo at Pangilinan. Ayon kay Colmenares, ang mga ito ay sa batayan ng nagkakaisang pusisyon sa mga usapin kaugnay ng pandemic response; pag-angat ng kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka, maralita at katutubo; mga isyung pangkalikasan; pagtaguyod ng human rights at tunay na kapayapaan, at soberanya sa West PH Sea at buong kapuluan.

Malugod na sinalubong ni Renato Reyes, tagapagsalita ng Bagong Alyansang Makabayan, ang pagpapabilang kay Colmenares sa listahan ng 1Sambayan at pagpapahayag ng suporta ng Makabayan sa tambalang Robredo-Pangilinan.

“Isa itong mahalagang pagsulong sa pagbubuklod ng lahat ng demokratikong pwersa para talunin ang mga Marco at Duterte. Binibigyan nito ng pag-asa ang bayan para sa

makabuluhang reporma sa harap ng tumitinding krisis," pahayag ni Reyes.

Samantala, itinutulak ng mga pambansa-demokratikong organisasyon na maipabilang rin si Elmer Labog, tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno at kandidato sa pagkasenador, sa listahan ng mga susuportahan ng 1Sambayan. Si Labog ay kilalang kampyon ng mga manggagawa at nagsusulong ng pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pagtataas ng sahod.

Inilahad naman ng koalisyong Makabayan sa kanilang pressconference ngayong araw, Enero 29, ang mga batayan at kundisyon ng kanilang pag-endorso sa tambalang Robredo-Pangilinan. Anila, "ang mga komon na tindig sa isyu, ang track record ng mga kandidato at ang napakahalagang laban na biguin ang tambalang Marcos-Duterte" ang mga naging batayan paraa suportahan ang dalawa."

Mahalaga para sa grupong oposisyon ang pag-endorsong ito bilang simbolo ng pagkakaisa ng paglaban ng iba't ibang grupo at sektor sa tangka ng mga Marcos at Duterte na manumbalik sa Malacañang. Ayon sa Makabayan, kinakatawan nila (Robredo at Pangilinan) ang pinakamahusay na tsansa para biguin ang tambalang ito.

Inihanay ng Makabayan ang sampung kumon na tindig ng koalisyon at ng tambalang Leni-Kiko. Kabilang dito ang pagpapatupad ng siyentipiko at makataong pagtugon sa pandemya, ang pagsusulong karapatan ng mga manggagawa at paglaban sa endo at karapatan ng mga magsasaka sa lupa. Mahalaga rin sa koalisyon ang pagtindig ng tambalan laban sa paglabag sa karapatang-tao, ang kanilang paninindigan para sa pambansang soberanya at karapatan sa West Philippine Sea. Suportado rin nila ang hangarin ng dalawa na

rebyuhin ang mga kaso ng mga matatanda at maysakit upang mapalaya sa batayang makatao (humanitarian) at ang pagbabalik ng prangkisa ng ABS-CBN. Kumon din sa dalawa ang pangangalaga sa kalikasan, katutubo, magsasaka at mangingisdang Pilipino, sa pamamagitan ng pagrebyu at parebisa ng mga patakaran at batas sa pagmimina, pagrebyu sa mga kaso ng pagsasara at muling akreditasyon ng mga paaralang Lumad. Kapwa rin silang nagsusulong ng usapang pangkapayapaan at pagpapanagot sa mga matataas na upisyal na sangkot sa mga paglabag sa karapatang-tao at pandarambong at pagpapahintulot sa International Criminal Court para usigin si Duterte at iba pang kasapakat nito. Itinutulak din nila ang mga repormang elektoral at pulitikal upang malabanan ang pag-abuso sa kapangyarihan at mabigyan ng partisipasyon at boses ang mamamayan.

Inilinaw naman ng Makabayan na, "hindi sa lahat ng bagay ay magkakasundo kami…pero bukas na pag-usapan ang mga usapin at abutin ang kaisahan para sa kapakanan ng bayan."

## Presyo ng 73 batayan at pangunahing mga bilihin, itinaas ng DTI

Enero 29, 2022

Epektibong itinaas ng Department of Trade and Industry (DTI) ang presyo ng mga pangunahing bilihin matapos nitong pagtibayin noong Enero 27 ang mas mataas na bagong mga suggested retail price (SRP o mungkahi na tingiang presyo) ng 73 batayan at pangunahing mga bilihin. Inianunsyo ang pagtaas ng mga presyo dalawang linggo matapos ipagyabang ng rehimen na bumaba na ang tantos ng implasyon noong huling linggo ng 2021.

Kumpara sa huling listahan ng SRP na inilabas ng DTI noong Agosto 29, 2021, nakatakdang tumaas nang mula 1-5% ang presyo ng 20 bilihin, kabilang ang mga delatang sardinas (3 klase), nudels (4), sabong panlaba (4), nakaboteng tubig (3), delatang produktong karne (1), sabong panligo (2), at baterya (3). Nakatakdang namang tumaas nang mula 6-10% ang 43 bilihin, kabilang ang mga delatang sardinas (2 klase), delatang produktong karne (7), gatas (7), tinapay (2), asin (6), sabong panlaba (2), sabong panligo (4), kandila (8), at baterya (1). Samantala, tataas naman nang mahigit 10% ang presyo ng tig-isang klase ng sabong panlaba at nakaboteng tubig, at walong klase ng kandila.

Sa kabuuan, tataas ng ₱0.4-₱1.25 ang presyo ng iba't ibang mga delatang sardinas; ₱1-2-₱2.25 ang mga produktong gatas; ₱3.5 ang isang balot ng tinapay at ₱2 ng pandesal; ₱0.25 ang nudels; ₱1.1-₱1.45 ang asin, at ₱0.65-₱1.6 ang iodized salt; ₱2-2.25 ang sabong panlaba; ₱1-₱4 ang nakaboteng tubig; ₱4-₱15 ang kandila; ₱1.25-₱1.5 ang meat loaf; ₱2-3 ang karne norte; ₱1.25-₱1.5 ang beef loaf; ₱1.25 ang sabong panligo; at ₱2.25-₱17.25 ang baterya.

Pangunahing iindahin ang dagdag presyo na ito ng mayorya ng mahigit 18.6 milyong pinakamahihirap na pamilyang Pilipino o 81.8 milyong katao na kakarampot lamang ang kinikita. Kabilang dito ang 12.2% ng mga pamilyang Pilipino o 2.9 milyong pamilya na kumikita lamang ng ₱11,000 pababa kada buwan; 35.4% o 8.4 milyon na kumikita ng ₱11,000-₱22,000, at 32.1% o 7.6 milyong pamilya na kumikita ng ₱22,000-₱44,000. Malaking bahagi nito o tinatayang ₱10,071 ay inilalaan sa pagbili ng mga pagkain at batayang pangangailangan. Kulang na kulang ang kinikita ng mga pamilyang ito para punan ang pinakabatayang mga pangangailangan ng isang lima-kataong pamilyang na

tinatayang ₱31,710 kada buwan o ₱1,057 kada araw noong Disyembre 2021.

Sa walang patumanggang pagtaaas ng mga presyo ng ilang batayang pagkain, inaasahan na lalupang mahihirapan na makaagapay at magugutom ang pamilya salat na salat na ang kita para abutin ang sapat na nutrisyon. Ayon sa isang pag-aaral ng Foodlink Advocacy Cooperative, tinatayang kinakailangan ng isang pamilyang Pilipino na may limang myembro ng ₱14,368 kada buwan para sa sapat at masustansyang pagkain alinsunod sa Pinggang Pinoy. Ang Pinggang Pinoy ay isang gabay sa pagkain na itinakda ng Food and Nutrition Research Institute para matiyak na nakakukuha ng sapat na enerhiya at nutrisyon ang katawan ng mga mamamayan. Malayong malayo ito sa buwanang kita na naiuuwi ng kalakhan ng mga pamilyang Pilipino.

## Konsultant ng NDFP na si Pedro Codaste, pinatay pagkatapos dukutin ng AFP

Enero 30, 2022

Kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagdukot, tiyak na pagtortyur, at pagpaslang ng mga elemento ng 4th ID kay Pedro Codaste (Ka Gonyong), konsultant sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Pinatay din ang noo'y kasama niya sa tinitirhang bahay na Pulang mandirigma na si Ka Sandro. Ayon sa PKP, pinaslang sila ng berdugong AFP sa pagitan ng Enero 19 at Enero 25.

Ayon sa mga paunang ulat, si Ka Gonyong ay nakahiwalay sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) simula pa Agosto 2021 para magpagaling mula sa iba't ibang mga karamdaman at

tumutuloy sa isang bahay sa Bukidnon. Sugatan at nagpapagaling din ang kasama niyang si Ka Sandro. Naputol ang komunikasyon kay Ka Gonyong noong Enero 19 kung kailan tinatayang dinukot siya ng mga ahente ng militar.

Pinalalabas ni Brig. Gen Oliver T. Vesliño, tumatayong kumander ng 4th ID, na napaslang sa isang labanan si Ka Gonyong noong Enero 21 sa Barangay Kalabugao, Impasugong, Bukidnon. Ayon sa yunit ng BHB na nakasasaklaw sa lugar, walang naganap na engkwentro sa naturang barangay noong araw na iyon.

Si Ka Gonyong ay higit 70 taong gulang na. Mahusay niyang pinagsilbihan ang rebolusyonaryong kilusan nang higit 50 taon, pagbabahagi ni Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng PKP. Bahagi siya ng unang mga bats ng Pulang mandirigma na nagpanday ng landas ng armadong pakikibaka sa Northern Mindanao at kabilang sa mga nagtayo ng unang mga yunit ng BHB, dagdag ni Valbuena.

"Ang kanyang buong-buhay na pagsisilbi sa masang manggagawa at magsasaka ay habampanahong magbibigay-inspirasyon sa bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryong mandirigma para magpursigi sa mahirap na landas ng pakikibaka para ipaglaban ang pambansa at demokratikong adhikain ng sambayanan," ayon kay Valbuena. Idinagdag rin ng upisyal sa impormasyon na si Ka Gonyong ay isang marubdob na mag-aaral at walang-kapagurang guro ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Si Ka Gonyong ay nakulong nang halos anim na taon mula Disyembre 2010 hanggang August 19, 2016. Pinalaya siya para lumahok sa negosasyong pangkapayapaan sa Oslo, Norway. Noon pang Mayo 2017, nang maging mabuway ang usapang pangkapayapaan, nagkaroon na ng banta sa buhay

ni Ka Gonyong matapos ilabas ng AFP Eastern Mindanao Command ang atas na “shoot-to-kill” laban sa kanya.

Si Ka Gonyong ang pinakahuli sa mga biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang at likidasyon ng mga rebolusyonaryo, na lantarang paglabag sa internasyunal na makataong batas. Simula maagang bahagi ng 2020, tinatayang hindi bababa sa 15 mga rebolusyonaryo ang pinaslang ng mga ahente ng rehimeng US-Duterte. Kabilang sa dito ang pinakahuling mga kaso nang pagpatay kina Jorge Madlos (Ka Oris), tagapagsalita ng BHB, na pinaslang kasama ang kanyang medik sa Bukidnon matapos dukutin noong Oktubre 29, 2021, at kumander ng BHB na si Mendanro Villanueva (Ka Bok), na nadakip nang buhay sa isang armadong engkwentro sa Davao de Oro ngunit idineklarang patay ng AFP noong Enero 6.

## Proyektong Kaliwa Dam, niraratsada ng rehimeng Duterte

Enero 30, 2022

Apat na buwan bago matapos ang upisyal na termino nito, niraratsada ng rehimeng Duterte ang kontruksyon ng ₱12-bilyong proyektong Kaliwa Dam sa kabundukan ng Sierra Madre sa kabila ng mahigpit na tinututulan ng mga minoryang mamamayan sa lugar. Ang proyektong dam ay maglulunod sa mga lugar na saklaw ng mga lupang ninuno ng mga katutubo sa prubinsya ng Quezon at Rizal.

Mula Enero 24 hanggang 29, naglunsad ng dalawang asembliya ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) at National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa General Nakar, Quezon at Tanay, Rizal para tipunin ang mahigit 100 lider ng mga katutubong

Dumagat/Remontado para ipitin sila na pumirma sa memorandum of agreement para sa naturang proyekto.

Matagal nang tinututulan ng mga apektadong katutubong komunidad ang Kaliwa Dam. Tumatanggi silang magbigay ng free, prior and informed consent (FPIC o dokumento ng kusang pagsang-ayon). Nakasaad mismo sa ilalim ng rekasyunaryong batas na maaari lamang simulan ang mga proyektong pang-imprastruktura sa mga lupang ninuno kung nakakuha na ang proyekto ng FPIC mula sa mga katutubo.

Ayon kay Conchita Calzado, isa sa mga lider na dumalo sa pagtitipon, hindi nakalahok ang lahat ng apektadong mga katutubo at pili lamang ang pinadalo sa pagtitipon. Dagdag pa niya, maging ang mga dumalo ay hindi binigyan ng oportunidad para makapagsalita. "Talagang kinokontrol nila kung sino lang ang magsasalita," puna niya.

Binatikos din ng STOP Kaliwa Dam Network ang mapanlinlang na maniobra ng rehimen para papirmahin ang mga lider sa naturang MOA. Anito, nakasaad sa imbitasyon para sa aktibidad na bahagi lamang ng adyenda nito ang balidasyon ng MOA at pagbabalangkas ng community royalty development program (CRDP), at hindi ang pagpirma sa MOA. "Pagdating pa lamang (ng mga lider sa pagtitipon), agad nang inihapag ang pagpirma sa MOA, kahit wala pang balidasyon ang MOA at hindi pa nakukumpleto ang CRDP kasama ang mga apektadong komunidad," paglalahad nito.

Ayon sa grupo, iginigiit ng mga lider na dapat iangkla ang anumang kasunduan sa pagkilala sa karapatan sa lupaing ninuno ng mga katutubong komunidad sa lugar.

Nanawagan naman ang Kalikasan People’s Network for the Environment ng imebstigasyon kaugnay sa “huling-minutong” pagraratsada ng rehimen sa proyekto, na anito’y patunay ng pagiging maka-China at maka-negosyo nito. Hinamon din ng grupo ang mga kandidatong oposisyon at independyente sa darating na halalan na magsalita at mangako na ipatitigil ang “lantarang iligal at pabigat na proyektong Kaliwa Dam” sakaling sa eleksyon. Nanawagan din ang grupo sa mga botante na igiit sa mga lider na galangin ang karapatan ng mga katutubong Dumagat at bigyan ng proteksyon ang Kaliwa Watershed.

Samantala, binatikos din ng ilang lider ang paglulunsad ng pagtitipon sa kabila ng mabilis na pagkalat ng Covid-19 sa mga prubinsya. Anila, isinasapanganib nito ang kalusugan ng mga katutubong komunidad, na kalakha’y hindi pa bakunado, dahil sa posibilidad na mahawa ang mga lider na dumalo sa pagtitipon.

Ang Kaliwa Dam ay isang ₱12-bilyong proyekto sa 37,174 ektaryang lupang ninuno sa Sierra Madre na popondohan gamit ang pautang mula sa China para lumikha ng karagdagang 600 milyong litro ng tubig kada araw para sa Metro Manila. Palalayasin ng proyektong ito ang libu-libong mga katutubong nakatira sa lugar. Pinangangambahan na magreresulta ang proyekto sa pagtindi ng mga pagbaha hindi lamang sa mga apektadong komunidad, kundi pati na rin sa Metro Manila, at pagkawasak ng kagubatan sa Sierra Madre kung saan matatagpuan ang iba’t ibang klase ng hayop at mga halaman na nanganganib nang maubos.

## Interbensyong militar ng US sa Pilipinas at South China Sea sa 2022, bwelado na

Enero 31, 2022

Sa tabing ng mga pagsasanay-militar at "malayang paglalayag," ibinwelo na ng US ang mga mapanghimasok na aktibidad at operasyong militar nito sa Pilipinas at sa South China Sea simula noong unang mga linggo ng 2022. Ang mga aktibidad na ito ay lalong nagpapainit sa militaristang girian sa pagitan ng imperyalismong US at China sa loob at paligid ng Pilipinas.

Noong Enero 27, sinimulan ang pinagsanib na pagsasanay-militar sa pagitan ng mga tropang nabal ng US at Pilipinas sa mga karagatan na saklaw ng Western Command ng AFP (paligid ng Palawan) at Western Mindanao Command (paligid ng Tawi-tawi). Kalahok dito ang walong yunit ng US Navy. Matatapos ang pagsasanay sa Pebrero 2. Bago nito, dumaong sa Manila Bay ang USS Jackson noong Enero 20 habang nagsasagawa ng "malayang paglalayag" sa South China Sea.

Noong Enero 23, isinasagawa ng US ang unilateral na pagsasanay-militar ng mga pwersang Amerikano sa South China Sea. Nilahukan ito ng 14,000 pwersa mula sa USS Abraham Lincoln and USS Carl Vinson, pinakamalalaking barkong pandigma ng 7th Fleet na nakabase sa Japan.

Kabilang sa mga isinagawang pandigmang drill ang maniobrang kontra-submarino, pambobomba at labanan sa ere ng mga jet fighter, paglilipat ng suplay at panggatong sa pagitan ng mga barko at iba pa. Sa gitna ng masisinsing drill na ito, isang F-35, ang pinakaabanteng jet fighter ng US, ang naaksidente at lumubog sa South China Sea.

Ang mga pagsasanay na ito ay bahagi ng pagpapalakas at pagpapakitang-gilas ng ng US laban sa China. Kamakailan, inaprubahan ng gubyerno ng US ang pagpopondo sa Pacific Detterence Initiative na naglalayong "palibutan" ng mga armas, base at pwersang US ang China sa tinatawag na "First Island Chain." Bahagi ng "chain" na ito ang hilagang bahagi ng Pilipinas.

## Sangsyon kontra NTF-Elcac, mga upisyal ni Duterte, hiningi sa kongreso ng US

Enero 31, 2022

Umapela ang 24 Amerikanong mambabatas sa administrasyong Biden na patawan ng sangsyon ang anim na kasalukuyan at nakaraang upisyal sa seguridad ng rehimeng Duterte na may malalalang rekord ng paglabag sa karapatang-tao. Ang sumusunod ang mga upisyal na nais patawan ng sangsyon ng mga mambabatas:

1) Delfin Lorenzana, kalihim ng Department of National Defense 2) Hermogenes Esperon, National Security Adviser 3) Eduardo Año, kalihim ng Department of Interior and Local Government 4) Lt. Gen. Anyonio Parlade Jr, dating hepe ng Southern Luzon Command ng AFP 5) Debold Sinas, dating hepe ng Philippine National Police

Sina Lorenzana, Esperon at Año ang pangunahing mga upisyal ng NTF-Elcac na binuo ni Duterte para ituon ang buong gubyerno sa mapanupil na gerang kontra-insurhensya.

Ang apela ay pinirmahan ni Rep. Susan Wild at ni Rep. Alexandria Ocasio-Cortez at iba pang progresibong mambabatas sa US. Ipinadala ang apela noong Enero 24 kay

US Secretary of State Anthony Blinken at Secretary of Treasury Janet Yellen.

Ayon sa apela, napakarami nang naisadokumentong paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas katulad ng panggigipit, arbitraryong detensyon, tortyur at pagpatay sa mga mamamahayag, kritiko, lider ng oposisyon, taong simbahan at mga lider at organizer ng mga manggagawa. Laganap ang paggamit ng red-tagging at pagbansag na "terorista" sa mga aktibista at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, bilang paunang hakbang para patayin, arestuhin nang walang dahilan, or labagin ang kanilang mga karapatan. Binanggit nito na naisadokumento na ng United Nations Human Rights Coucil ang mga paglabag na ito. Gayundin, mayroon nang kaso laban sa rehimen sa International Criminal Court.

"Dapat hindi payagan na mamayagpag ang mga nasa likod ng mga paglabag na ito," ayon sa petisyon. Tungo rito, inirerekomenda na patawan ng mga sangsyon ang anim na upisyal gamit ang Global Magnitsky Act. Sa ilalim ng batas na ito, sinumang papatawan ng sangsyon ay hindi papayagang makapasok sa US. Maaari ring harangin ang kanilang mga ari-arian at anumang transaksyon sa loob ng bansa.

Ang apela ay isinumite matapos lumitaw sa balita ng panggagahasa, pang-aabuso at iligal na detensyon ng mga sundalo ng 59th Ibde kay "Belle," isang 15-anyos na batang babae noong nakaraang taon.

Noong Hulyo 2021, muling isinumite ni Rep. Wild ang panukalang Philippine Human Rights Act sa Kongeso ng US na may layuning ipasuspinde ang ayudang militar ng US sa Pilipinas hanggang hindi natitigil ang pangdarahas sa mga lumalaban sa gubyerno at mapanagot sa kanilang mga krimen.